Ikatlong Exodo

Jeffersonville, Indiana, USA
Hunyo 30,1963

1 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa isang salita ng panalangin. Habang tayo'y nakayuko , Siguro kung mayroong anumang mga espesyal na kahilingan na nais nating ipaalam sa harapan ng Diyos , kailangan lang itaas ang kamay , at lamang sa ilalim ng inyong kamay, hawakan lamang ang iyong kahilingan.

2 Makalangit naming Ama, nagpapasalamat kami sa isa na namang pagkakataon upang magkatipon kami sa gawing ito ng walang hanggan. At naghahanap kami sa umagang ito ng panibagong lakas na magmumula sa lyo upang magbigay sa amin ng lakas ng loob para sa hinaharap naming paglalakbay.

Nagkatipon kami tulad ng mga anak na Hebreo tuwing sasapit ang umaga upang mamulot ng mana na inilaan para sa kanila sa magdamag upang magbigay ng kalakasan sa kanila sa maghapong darating. Nagkatipon kami para sa Espirituwal na Mana sa umagang ito upang mabigyan kami ng kalakasan sa paglalakbay.

3 Nasa likod ng bawat kamay na nagsitaas, nalalaman Mo po kung ano ng pangangailangan nila, Panginoon. At in ilalakip ko ang aking panalangin sa kanilang panalangin sa Iyong harapan, na nawa'y katagpuin Mo ang bawa't pangangailangan nila. Pagalingin Mo po ang maysakit at ang mga may kapansanan, Panginoon. Alam naming Ikaw ay Diyos, at magagawa Mo ang lahat ng bagay, at ipinangako Mong gagawin Mo ang mga ito, kung magagawa Lang namin ang isinasaad ng awitin, "Manampalataya Lang"; at habang naririnig namin ang mga maluwalhating titik, "Lumakad Ka at Makipagusap sa Hari."

Ngayon, Amang Diyos, basbasan Mo po ang Iyong Salita habang naipapangaral ito sa umagang ito, at nawa ay makasumpong ito ng pahingahan sa aming mga puso, at nang maipalabas nito ang mga bagay na hinihiling namin, Ama. Sa Ngalan ng Panginong Jesus ay hiling namin ito. Amen. Salamat, sister.

Sa paniwala ko'y may nagsabi, "Nagalak ako nang sabihin nila sa akin, 'Magtungo tayo sa bahay ng Panginoon.'"

4 Paalis na kami sa Hot Springs kahapon, ang sabi ni Brother Moore, "Brother Branham," aniya, "ikaw—bakit hindi ka makisakay sa akin papunta sa kumbensiyon doon," aniya, "at nang makapagpahinga ka ng dalawang araw?" Ang sabi ko, "Dalawa ang gawain ko bukas." Ang sabi niya, "Dalawa ang gawain mo?" Ang sabi ko, "Oo."

Aniya, "Sa tindi ng pangangaral mo rito, dapat ay magpahinga ang tao ng isang linggo pagkatapos mangaral ng gano'n katindi." Ang sabi, "Ang pastor ay mangangaral ng mensahe niya tuwing Linggo ng umaga, pagkatapos ay nagpapahinga siya sa buong sanlinggo. At iyon ay — marahil ay mga tatlumpung minuto lang iyon." At sabi pa niya, "Kung mangaral ka rito

ay dalawa o tatlong oras sa bawat pagkakataon," at sabi pa niya, "bukod diyan ay araw araw pa at kung minsan pa nga ay dalawang beses sa isang araw. pagkatapos ay nananalangin ka pa sa prayer line, kung saan nangyayari ang lahat ng pagki lala ng haka." Ang sabi niya, "Ngayon ay sinasabi mong uuwi ka upang magdaos ng dalawang gawain sa Linggo?" Ang sabi ko, "Opo." Aniya, "Paano mong nagagawa iyan?" Ang sabi ko, "Sa Panginoon nanggagaling ang aking saklolo." Kita n'yo?

"Huli na ang oras," gaya ng sabi ng — may nagsabi nito kanina sa panalangin, habang papasok ako. Hu li na nag oras at napakalaki ng pangangailangan, at kaya tayo naririto ay upang iambag ang bahagi natin upang makatu long tayo sa dakilang oras na kinabibilangan natin.

5 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, mamayang gabi ay nais kong mangusap sa paksang: "Karapat-dapat ba ang buhay mo para sa Ebanghelyo?" dahil nais kong I-tape iyan. Ngayon, hindi ko alam kung ititape nila ang gawain sa umagang ito o hindi; may nakikita akong ilang kapatiran doon sa sil id. Naro'n — naro'n ang ilang mga kaibigan natin sa boob, baka nga itini-tape nila ito.

Hindi ko . . . Ang akala ko ay si Brother Neville ang gagawa nito. Hiniling ko nung nakaraang Linggo, na ipangaral na lang niya ang mensahe niya, at ituloy na niya iyon at hayaan na lang niya akong magdagdag ng kaunti pagkatapos niya. Ngunit kung nais nilang i-tape ang araling pang Sunday school, aba, walang masama.

6 At pagkatapos, kung loloobin ng Panginoon, sa darating na Linggo, iyon ay kung papayagan ng Panginoon, at narito pa tayo, nais kong mangusap tungkol sa isang paksang matagal na panahon ko nang pinaghahandaan, at nangako akong dito ko muna sa tabernakulo ipapangaral ang mga mensaheng gaya nito, ang mga mensaheng naka-tape. Nais kong ihabla ang sal inglahing ito sa salang pagpapapako kay Jesus Cristo sa krus: sa darating na Linggo ng umaga, kung kalooban ng Panginoon. Ngayon, mamayang gabi naman, mga ikapito o ikapito't kalahati ng gabi, ay ang mensaheng, "Karapat-dapat ba ang Buhay mo?"

7 Ngayon, kung minsan, sa pangungusap natin ng mga mensaheng ganiyan, nakapagsasalita ako ng

mga bagay na totoong nakakasakit. At hindi naman talaga ang iglesiang ito ang totoong tinutukoy ko o anuman iyon. Alalahanin n'yo, kapag nagsalita ako, nakakarating ito sa buong mundo; at dinadala nila ang mga mensaheng ito doon sa mga kagubatan at sa lahat ng dako. At kung minsan ay pinangungunahan ako ng Espiritu Santo na magsalita ng isang bagay na maaaring nais Niyang marinig ng isang naroon sa malayong lugar ng Australia kung saan o anuman iyon. Kaya maaaring may mga

kalagayang masasabi ninyo na, "Buweno, ang kalagayang iyan ay wala rito ngayon. Bakit sinasabi niya iyon?" Marahil ay para ito sa ibang lugar. Nakikita ba ninyo? Kaya't tiyak namang nauunawaan iyan ng mga tao. Na ang mga mensaheng ito ay hindi patama sa sino mang . . . ito'y ipinangungusap sa iglesia sa kabuuan nito sa lahat ng dako; at anuman ang nais ng Diyos na ipasabi at ipagawa sa atin .. .

8 Napakaganda ng mga gawain nam in doon sa Hot Springs sa isang makalumang Pentecostal na gawain. Sigurado kong marami sa inyo ang nasiyahan, sa mga Pentecostal na nakadalo roon sa …?.. sa mga nagsidalo. Buweno, basta hindi ko kilala ang grupong iyon, naanyayahan lang akong pumaroon sa loob ng isang linggo, at nagbigay ako ng dalawa o tatlong araw. Ngunit may isang bagay akong gustong sabihin: sa gawaing iyon, tiyak ngang may pananampalataya silang maniwala. Kung mayroong nakadalo sa inyo, at alam kong ang babaeng ito na nakaupo rito sa sulok; hindi ko siya kilala, o heto siya; alam kong naroon siya. Alam kong may dalawang kapatirang nakadalo roon, sina Brother Jackson at ang mga kasama niya, si Brother Palmer.

9 niya, si Brother Palmer.

Iyan ang napapala ng mga tao kung may pananampalataya siya. Kita n'yo? Napansin ba ninyo ang pila ng pagpapagaling? Walang isa man sa Lahat ng mga nagsipila na hindi gumaling. Kita n'yo, kita n'yo?

Kaya nga kung mayroon kang pananampalataya ... At isa pa, maaaring ang iba sa inyo hindi nakauuunawa ng naipamalas na emosyon, pagsasayaw, pagsigaw. Buweno, sila'y sadyang — sila'y — hindi sila nakatingin sa kung sinong tao; sumisigaw sila sa harap ng Diyos. Iyong lang. Ngunit nais kong sabihing isa iyon sa pinaka — isa sa pinakamalinis tingnang lupon ng kababaihang nakita ko, ang mahahabang buhok, at ... At mga taong galing pa sa kagubatan, doon sa mga kasukalan, ngunit wari ko'y wala akong nakita roong sinuman na modernong tingnan (alam n'yo na ang gusto kong sabihin.) na may pinta at kung anu-ano pa ang mukha. Maaaring hindi ako sang-ayon sa lahat ng katuruan nila, ngunit natitiyak kong sangayon sa bagay na iyon. Mukha silang mga Cristiano para sa akin.

10 Kaya't pinangunahan ako ng Panginoon na mangusap tungkol sa isang paksa, kahapon, o nung makalawa, katanghaliang tapat, "Minsan Pa, Panginoon." At kung ang iglesia, ang iba sa kani la ay hindi pa nakaaalam, may layunin ako kung bakit ginawa ko iyon, sapagkat pinangunahan ako ng Panginoon na gawin iyon. Ang munting kalipunang iyon ay natatangay tungo sa isang bagay; at tinulungan ako ng Panginoon upang — upang magawa ko iyon.

Kaya't sadyang napakaganda. Tiyak ngang ... A lam n'yong nagaganap ang mga bagay-bagay, kung hindi espirituwal ang mga mata mo, hindi mo iyon mauunawaan. Kita n'yo? Kailangang abangan mo ang mga bagay na iyon.

11 Pagpasok ko, itong si Brother Ungren; pangalawang ulit ko nang narinig umawit ang lalaking iyon. Tamang-tamang papasok ako sa bulwagan, kasalukuyan siyang umaawit, "Kasabay kong naglalakad at kausap ko ang Hari." Sa loob-loob ko, "Hindi ba't angganda no' n?" Kung paanong ang hari ay . . . Kita n'yo, naglalakad at nakikipag-usap, ang ibig sabihin niyan ay ang palagiang pakikisama. Hindi lamang sa loob ng simbahan, kundi sa lahat ng dako, namamasyal at kau-kausap ang Hari."

12 At mayroon doong - napadako ang tingin ko sa dingding. At mayroon doong isang maliit na tarheta na nakadikit sa larawang ipininta para sa akin ng isang lalaking nag — nagngangalang George Todd. Hindi ko alam kung bakit ginawa iyon ng lalaking iyon, marahil ay hindi iyon sumagi sa isipan niya; at ipininta niya iyon. Larawan iyon ng isang bundok doon sa kagubatan at - at umaagos ang sapa, at sa kabila ng sapa, ay nakatayo ang isang babaeng usa at isang batang usa at nakatirik ang mga tainga nila, nakatingin sila sa kabilang panig ng sapa. Hindi ko alam kung narito si Mr. Todd; hindi ko siya kilala. Ngunit nais kong sabihin ito, nangusap sa akin ang Panginoon nang tingnan ko ang larawang iyon; at marahil ay hindi niya alam iyon nang ipinta niya iyon.

Natatandaan ba ninyo ang aking maikling kuwento tungkol sa usa na babarilin sana ng isang tao ..?.. Buweno, naroon siya, kasama ng anak niya sa tabi ng tubig ng buhay. Kita n'yo? Ispirasyon, kung paanong ang inang usa at ang kaniyang anak ay naroon, at naisip ko, "Oo, at sa kabilang pangpang kung saan ay may - sa tabi ng mga punong evergreen, naroon din ang aking mag-ina, naghihintay din sila roon."

Salamat, kapatid - Brother Todd, kung naririto ang lalaking iyon ngayong umaga

13 Ngayon, dadako na ako sa araling pang Sunday school; karaniwang napapahaba ako. Isang bagay ito na nagpupumigla s sa aking puso, hindi ko alam, mula pa kahapon . . . Ngayon, ating - kung loloobin

ng Panginoon - isa itong - isa itong paksa. Tumatanda na ako, at - at hindi ko alam kung hanggang kailan pa ako tatagal dito.

Ngunit may isang malaking tanong sa iglesia na naging dahilan ng pagkakaiba-iba ng kaisipan ng mga tao. Tulad na lang ng pagkain ng mansanas, at ipinangaral ko ang isang mensahe, at matibay ang aking paniwala na mapapatunayan ko ito sa Kasulatan na hindi iyon mga mansanas. (Kita n'yo?) Naging dahilan ito ng napakaraming kalituhan

14 Kaya marahil bago tayo umalis — kailangan kasi naming bumalik, sa loob ng tatlumpung araw, alam n'yo na, babalik kami sa Arizona. Kaya't kung Bago ako umalis, kung loloobin ng Panginoon, nais kong talakayin ang Kasulatang ito, at huwag ninyo itong iti-tape. Kung gusto n'yong i-tape, huwag ninyong ipagbibili ang tape — huwag n'yong ilalabas.

Nais kong ipaliwanag ang tunay na katotohanan tungkol sa kasal at diborsiyo. lsa itong tanong at ito na ang holing oras, kung kailan lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay magaganap na. " At kahapon, habang tumatawid ako sa kabundukan patungo rito pagsikat ng araw, ti la baga sinabi ng Espiritu Santo sa akin, "I-tape mo iyan at itabi mo."

Hindi_ko alam kung bakit; ngunit ang tunay na katotohanan ng kasal at diborsyo . . . Ang iba kasi ay nagsasabi, "Maaaring pakasal ang mga tao kung makapanunumpa silang mayroon talagang nangyaring pakikiapid," at ang sabi naman ng iba, "Buweno, kung hindi na maganda ang pagsasama nila at — at hindi na nila kayang magsama, mas mabuting mamuhay sa ibabaw ng lupa na may kapayapaan, kaysa mabuhay sa impiyerno sa ibabaw ng lupa," sampu ng iba pang mga tanong, at ang iba naman ay nagkakasal ayon sa paraang nakagawian. At ang iba ay nais magwisik ng banal na tubig sa kanila, pababalikin sila at sasabihing ang totoo ay hindi naman sila talaga kasal, at babasbasan nila sila, at ipiprisinta silang muli sa iglesia. Lahat na lang ng kalituhan.

Ngunit kung ganiyan karami ang kalituhan, tiyak na may katotohanan tayong makukuha. Naniniwala ako, at ipinangungusap ko ito nang buong paggalang: rianiniwala akong ipinahayag na sa akin iyon ng Panginoon, at ako'y — ang katotohanan. At kung kakalat ito sa mga iglesia, mawawasak ito, at marahil ay hindi ito dapat mangyari. Ngunit ito'y mas nanaisin ko pang ang mga pastor ng iglesia ang magkaroon ng kopya ng tape, at hayaan silang makinig doon at bahala na silang manguna pagkatapos. Ngunit nais kong Itape iyon upang maipakita ko ang tunay na katotohanan nito.

Naniniwala ako na ito na ang oras kung kailan ang mga hiwagang ito ay magaganap na, makukumpleto na. Natamaan na sila gaya ng nasabi na natin sa mga panahong nagdaan ng mga tape gawa ng nadala na natin, ang Pitong Tatak at Pitong Kapanahunan ng Iglesia,

15 at nahaharap na tayo ngayon sa Pitong Pakakak at pagkatapos naman ay ang mga Mangkok. At marahil ay makapagdaraos tayo ng dalawang linggong gawain at pagsasamahin natin ang dalawang ito.

Gusto kong mai-tape iyon. At bukod pa riyan, sinisikap ko na rin ngayong ipa-proofread ito at nang makagawa tayo ng mga aklat, ang Mga Kapanahunan ng Iglesia, ang pitong aklat ng Kapanahunan ng Iglesia, pitong tape ito, at sisikapin nating ipalimbag ito nang mura hangga't maaari nang sa gayon ay makabili ang lahat.

At kung magtatagal pa ang Panginoon, at makapagpapatuloy ako, makikita ninyong ang mga bagay na naipangusap ko sa Pangalan ng Panginoon ay ma — matutupad kung paano itong naipangusap. Hindi pa ito pumapalya, at ang iba sa mga ito ay saka na magaganap.

16 Umaasa akong pahihintulutan tayo ng Diyos na isagawa iyan kaagad. Pasasabihan muna natin ang mga tao, sapagkat napakaraming nais dumalo upang marinig ang mga bagay na iyon, at pinag — pinagpapahalagahan ko iyan.

17 Kung walang maniniwala o makikinig, ano'ng silbi kung tatayo ako rito at mangungusap tungkol dito? Kita n'yo? Nais kong magtapon ng tinapay sa tubig (Kita n'yo?); ito'y magiging parang . . . Kung wala rin lang maniniwala, para akong nagtapon ng perlas sa mga baboy. Ngunit libu-libo ang mga naniniwala rito (Kita n'yo?), at pinanghahawakan nila ang bawat Salita; at nais sana nating marami ang makapasok hangga't maaari kapagkapag handa na nating idaos ang mga gawaing ito at para ito sa kaluwalhatian ng Panginoon. At inaasahan nating ipagkakaloob ito sa atin ng Diyos, at ayaw kong idaos iyon, hanggang sa kasihan ako ng Diyos na gawin iyon.

May tamang oras ang Diyos para sa lahat ng bagay. Kita n'yo? Hindi natin dapat pinangungunahan ito. Kung gagapasin n'yo ang trigo bago — kung gagamitin na kaagad ninyo ang makinang pang-ani bago ito mahinog, malaki ang mawawala sa aanihing trigo. Kita n'yo? Kaya't kapag handa nang gamitin ang karet, kasama nating gagapas ang Diyos. Kung magkagayon ay aani na tayo.

18 Ngunit ako'y — kapag ganoong pakiramdam ko ay napipilitan ako, in iisip kong iwaksi iyon sa loob ng ilang panahon. Buong maghapon kahapon ay hindi ko ito maiwaksi sa aking isipan; hanggang magdamag

kagabi. Nahiga ako mga alas dose, tatlong oras lang ang tulog ko nung sinundang gabi, at kagabi ay hindi na naman ako nakatulog. May nagsabi sa akin, “1-tape mo ang Kasal at Diborsiyo.” Kita n'yo?

Kung loloobin ng Panginoon, kung mananatili ito sa aking puso at magpapakita ang Panginoon sa akin ng iba pang bagay tungkol dito, buweno kung gayon, ma — ma — marahil ay kailangan ko ngang I-tape iyon. Kita n'yo?

Ngunit alalahanin n'yo, para lang ito sa mga ministro. Dumalo kayo, ngunit — at makinig kayo, ngunit ang tape nito, hayaan n'yong Kita n'yo, dahil kung kakalat ito sa mga tao sa konggregasyon, at ang iba'y kikiling nang paganito at ang iba naman ay paganoon, at kaniya-kaniya na sila ng opinyon. At nais kong magkaroon nito ang mga kapatirang ministro sa kan Hang mga sihd-aralan, at bahala na sila pagkatapos no' n, dahil sila naman talaga ang mananagot; sila ang mananagot.

Maaari ko ring puntahan ang mga huwes at iparinig iyon sa kanila, ang Ilan sa mga mahistrado.

19 Kita n'yo kung ano ang sinasabi ng Panginoon tungkol sa kasal at diborsyo. Higit itong sagrado kaysa sa inaakala rig mga tao. At aayon ito sa binhi ng serpente, pareho rin ito, nagpapatuloy ito; iyon ang mga hiwaga.

Tandaan n'yo, sa mga craw ng ikapitong anghel, lahat ng hiwaga ng Diyos ay magaganap na, ang mga bagay na iyon na hindi hayag na nakatakdang tapusin ng Panginoon.

Ngayon, hanggang sa mga oras na ito .

20 Ngayon, alalahanin n'yo... Alas siete y media ba kayo nagpapasimula ng gawain? Ngayon, Brother Neville, kung mayroon kang mensahe para mamayang gabi, ipangaral mo iyon. Kita n'yo? Hindi ako aabutin ng isang oras at apatnapung minuto, at ititape ko ang kabuuan nito. Gusto kong makikinig kay Brother Neville. Mahal ko siya. Kapatid ko siya at sa aking palagay ay isa siyang napakagaling na tagapagsalita, napakagaling na ministro. At ako'y . . . Isang bagay ang gusto ko kay Brother Neville, kapag may sinasabi siya, ipinamumuhay niya kung ano ang ipinangangaral niya. Ngayon, iyan — iyan ang mahalaga. A lam n'yo bang mas may bisa kung ipamumuhay mo ang sermon mo sa tao kaysa ipangaral mo ito? “Sapagkat kayo ay mga liham na nasulat, na binabasa ng mga tao.”

Ngayon, atin munang, bago tayo . . .

21 Maaari nating buklatin ang mga pahina, ngun it ang Diyos ang kailangang magbukas ng araling pang-Sunday school na ito. Kaya't hilingin natin sa Kan iyang gawin Niya iyon.

Makalangit naming Ama, kami — kami po ay nakatingin sa h inaharap sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakatingin ako ngayon sa pamarnagitan ng pananampalataya doon sa isang bagay na darating, Panginoon, dito sa ibabaw ng lupa, na siyang magbubuklod sa iyong bayan. Habang nakikita namin ang mga iglesiang denominasyon, na naghihigpit at nagwawalang bahala, itinutulak nito ang mga tao palabas.

Kung paanong naganap iyon sa Egipto, may isang Faraong lumitaw, na hindi nakakikilala kay Jose; kung paano ang nangyari sa Germany at sa—sa

Rusya at sa Italy. Lumitaw muia sa mga tao ang mga Joseph, Hitler, Stalin, Mussolini, na namuhi sa mga Judio. Kailangan kasi nilang magbalik sa lupang tinubuan.

Diyos, may paraan Ka ng paggawa ng mga bagay-bagay na hindi namin nauunawaan, at gin ipit mo sila, wala silang bahay sa Germany, inagaw sa kanila ang lahat ng bagay, gayon din ang nangyari sa Italy, sa Russia: waia silang masuungan, at pinabalik sila sa kanilang lupang tinubuan para sang matupad ang Salita.

Oh, ang mapagmahal na kamay ng Diyos. Kung paanong kung minsan ay tila baga napakalupit nito, kung paanong nagdurusa ang mga tao, gayon man, iyon pa rin ang banayad na kamay ni Jehova na umaakay sa Kaniyang mga anak. Pinasasalamatan ka po namin, Panginoon.

22 Ngayon, dalangin ko, Diyos, habang nakikita kong ginigipit ng mga denominasyon ang mga mananampalataya, itinitiwalag sila, sinasabing dapat ay ipalista nila ang mga pangalan nila sa kanilang mga aklat, kung hindi ay mapapahamak sila, at huwag silang makikisama sa ibang grupo. Ito'y ang banayad na kamay ni Jehovah, na umaakay sa kanila patungo sa Punongkahoy ng Buhay.

Dalangin ko, Diyos, na bawat isa ... alam kong gagawin nila ito dahil ito'y Salita Mo, at hindi Ito maaaring mabigo. At nawa at maakay kami sa Punongkahoy ng Buhay, nang sa gayon ay magmay-ari kami ng Buhay na Walang Hanggan, makita nawa namin ang kamay ng Diyos, at sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya, ay tumingin kami sa likuran ng mga aninong ito na nilalakaran namin sa araw na ito, makita nawa namin ang lupang pangako na nariyan na sa aming harapan.

Basbasan Mo po ang lyong Salita sa umagang ito, Panginoon, ang ilang Kasulatan at mga talang isinulat ko rito. Pumarito nawa ang Espiritu Santo ngayon habang inaalay ko ang aking sarili sa pagtutuli ng dila, at isip, at diwa, at habang inaalay ng iglesia ang mga taingang nakauunawa, sampu ng kanilang mga puso, at lahat kami sa aming pagsasama-sama, mangusap Ka nawa sa amin sa pamamagitan ng lyong Salita, sapagkat ang Iyong Salita ay Katotohanan. Sa Ngalan ng Salitang si Jesus Cristo, hiling namin ito. Amen.

23 Ngayon, buklatin ninyo ang inyong mga Biblia sa Aklat ng Exodo. At ngayon, nais kong basahin ang isang bahagi ng Kasulatan sa Exodo, ikatlong kabanata, mula 1 hanggang 12. makinig lang kayong maigi, habang binabasa natin: ikatlong kabanata ng Exodo, 1-12.

Inalagaan nga ni Moises ang kawan ni Jethro na kaniyang biyanan, na saserdote sa Madian: at kaniyang pinatnubayan ang kawan sa likuran ng ilang, at napasa bundok ng Dios, sa Horeb.

At ang Anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya, sa isang ningas ng apoy na mula sa gitna ng isang mababang punong kahoy; at - at siya'y nagmasid, at, narito, ang kahoy ay nagniningas sa apoy, at ang kahoy ay hindi natutupok.

At sinabi ni Moises, Ako'y liliko ngayon, at titingnan ko itong dakilang panoorin, na ang — kung bakit ang kahoy ay hindi natutupok. At nang makita ng Panginoon na panonoorin niya, (Nais kong bigyang diin ang baggy na iyan.) At nang makita ng Panginoon na panonoorin niya, ay tinawag siya ng Dios mula sa gitna ng mababang punong kahoy, at sinabi, Moises, Moises. At kaniyang sinabi, Narito ako. At sinabi, Huwag kang luniapit dito, hubarin nu, ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.

Bukod dito ay sinabi, Ako ang Dios ng iyong ama ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob. At si Moises nga ay nagtakip ng kaniyang mukha; sapagka't siya'y natakot na tumingin sa Dios. At sinabi ng Panginoon, Akin ngang nakita ang kadalamhatian ng aking bayan na nasa Egipto, at aking dininig ang kanilang daing dahil sa mga tagapagpaatag sa kanila; sapagka't talastas ko ang kanilang kapanglawan.

At ako y bumaba upang iligtas sila sa kamay ng mga Egipcio at upang sila'y isampa sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing yaon, sa isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot sa dako ng Cananeo, . . . ng Hetheo, . . . ng Heveo at ng Jebuseo.

At ngayon narito, ang daing ng mga anak ni Israel ay umabot sa akin; saka aking nakita ang kapighatian na ipinipighati sa kanila ng mga Egipcio.

Halika na ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Fara-on

24 Napansin ba ninyo? "Ako'y bumaba, at ika'y aking susuguin," ang paggawa ng Diyos sa anyo ng isang tao. "Humayo ka . . ." Hayaan n'yong basahin kong muli ang ikasampung talata. Halika na ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, upang iyong ilabas sa Egipto ang aking bayan na mga anak ni Israel.

At sinabi ni Moises sa Dios, Sino ako upang pumaroon kay Faraon, upang iyong ilabas sa Egipto ang aking bayan na mga anak Ili Israel?

At kaniyang sinabi, Tunay na ako'y sasaiyo; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo; pagka iyong nailabas na sa Egipto ang aking bayan ay maglilingkod kayo sa Dios sa bundok na ito."

Hindi ko pansin ito noon, ngunit malalim ang pagkasi sa akin ng Espiritu sa umagang ito, kanina ko lang ito nasapo: Pinababalik ng Diyos ang Kaniyang alipin kung saan siya tumakas. B in igyan Niya siya ng tanda sa bundok. Kan ina ko lang ito napansin. Ito ay magsisilbing walang hanggang tanda sa iyo. Kita n'yo?

25 Ngayon, mangungusap tayo sa umagang ito tungkol sa paksang, "Ang Ikalawang Exodo ng Bayan ng Diyos," o ang Pagpapalabas sa Bayan ng Diyos." Ang ibig sabihin ng "Exodo" ay, "in i labas, tinawag palabas, mallss mula sa isang dako," at nais kong gamitin iyan bilang paksa tungkol sa "Ikalawang Exodo ng Bayan ng Diyos."

26 Ngayon, anupa't marami nang naganap na exodo sa kanila, ngunit ang ipinangungusap ko ay ang pagkakataong ang Diyos ay tumawag ng isang exodo, isa itong paghiwalay sa kinalalagyan nila sa kasalukuyang panahon.

Dito ay handa nang tuparin ng Diyos ang Makalangit Niyang Sal itang pangako na ipinangako Niya kay Abraham, at kay Isaac, at kay Jacob. Maraming taon, daan-daang taon ang lumipas, gayon man, hindi kinalilimutan ng Diyos ang Kaniyang pangako. Sa tamang kapanahunan, sa takdang panahon, laging pinatutunayan ng Diyos ang Kaniyang pangako. Kaya nga makaaasa kayo na anumang ipinangako ng Diyos sa Bibliang ito, ay tutuparin Niya. Hindi na kailangang mag-isip ng anumang iba pa at sabihing, "Buweno, ang propeta ay — marahi I ay mali siya, o hindi maaaring mangyari ang bagay na iyan sa araw

na ito."

Halos ay parang imposibleng mangyari iyon noon, mas imposible pa nga kaysa ngayon, ngunit ginawa pa rin iyon ng Diyos; sapagkat ipinangako Niyang gagawin Niya iyon. At tingnan n'yo kung gaano Niya kapayak iyong isinasagawa. "Nanaog Ako, narinig ko ang inyong hinaing; naalala Ko ang Aking pangako, at nanaog Ako upang tuparin Ko iyon, at isinusugo kita Gawin mo; Ako ay sasaiyo; tiyak ngang sasamahan Kita. Ang Aking hindi nabibigong Presensiya ay laging sasaiyo saan ka man magtungo. Huwag Kang matakot. (Kita n'yo?) Ako'y bababa upang magligtas." Natitiyak kong masasapo iyan ng diwang espirituwal. Kita n'yo, kita n'yo? "I — I — isusugo Kita upang dalhin mo ang Aking bayan sa isang exodo, tawagin mo silang palabas at sasamahan Kita."

27 Ngayon, maaari tayong mamahinga, makapangungunyapit ang pananampalataya sa bagay na iyan. Tutuparin iyon ng Diyos; ipinangako kasi Niya. Kahit ano pa, anuman ang maging kalagayan, o anuman ang sabihin ninuman, tutuparin at tutuparin iyon ng Diyos, dah i I ipinangako Niya. At napakapayak ng pagkakagawa N iya kaya lam — lampas ito sa pangunawa ng I inang na diwa, na pilit na nangangatwiran laban dito. "Paanong mangyayari ito?" Hindi ko sinasabing ang isang lalaki, na may mahusay at malakas na diwa, mataas ang pinag-aralan, na hindi ito mauunawaan ng taong iyon. Walang masama riyan, maganda iyan, basta ba ginagamit niya iyon hindi para pangatwiranan ito, kundi ginagamit niya ang kaniyang kalinangan upang sumampalataya sa Diyos.

Nawa ay mapalitan ito ng kapayakan ng pakikinig sa kung ano ang sinabi ng Diyos at sampalatayanan ito. Doon lang makakatulong sa kaniya ang kaniyang kalinangan.

Pansinin n'yo, ngunit kapag pinilit ng taong mangatwirang hindi ito maaaring mangyari, kung gayon ay ilalayo siya nito sa Diyos, laging ganito ang mangyayari sa tuwina. Habang sinisikap niyang — pakinggan ang — ang sarili niyang pangangatwiran. Kita n'yo? Kung hindi ninyo maunawaan at may sinabing isang bagay ang Biblia, sagutin lang ninyo ng, "Amen." Ganiyan lang ang gawin n'yo.

28 Ngayon, sa halip na tukuyin ko ang mga Kasulatang ito, maaari ninyong ilista ang mga ito sa araling ito na pang Sunday school, ngunit nais ko sanang . . . Marahil kung gusto ninyo itong makita . . . Ngunit unang-una ay napakarami kong inilistang Kasulatan dito.

Tayo'y Bago natin tuklasin kung ano' ng kahulugan ng exodong ito, ititipo ko ngayon ang exodo — ang exodo noon sa exodo ngayon. At masdan n'yo, kung hindi ba naman angkop na angkop ang pagkakahanay nito. Ang isa sa mga ito ay natural, at kung ano ang ginawa Niya sa natural, ay mull Niyang itinitipo, ginagawan Niya ng antetipo sa espirituwal: "Ang Espirituwal na Exodo."

29 Kamangha-manghang maunawaan ang Salita ng Diyos — bakit nga ba nasasabi ng iba na hindi Ito kinasihan. Ito'y naganap mga dalawampu't walong daang taon na ang nakalilipas, alam n'yo. At kung paanong nangako Siya, at kung ano ang ginawa Niya, at inilatag Niya iyon upang maging hat imbawa. Kung—kung paanong gumagawa Siya ng anino ng isang bagay upang magpatotoo tungkol sa — sa positibo. (Tatalakayin ko mamayang gabi ang tungkol sa buwan at araw, kung loloobin ng Panginoon.)

Ngunit balikan muna natin ang Genesis at nang makita natin kung bakit si la naroroon sa Egipto, paano nga bang nawala sa lupaing iyon ang bayan ng Diyos. At ang totoo ay ipinangako iyon ng Diyos doon doon sa pasimula kina Abraham, Isaac, at Jacob, sa Palestina, ibinigay ng Diyos sa kanila ang lupaing iyon at ang sabi, "Ito na iyon."

Buweno, kung gayon, bakit nga ba ang bayang iyon ay wala sa dakong ipinagkaloob ng Diyos sa kanila? Iyan din ang katanungan ngayon. Binigyan tayo ng Diyos ng isang Pentecostes. Binigyan Niya tayo ng Aklat ng mga Gawa. Binigyan Niya tayo ng Espiritu Santo upang manguna sa atin at gumabay sa atin. Binigyan Niya tayo ng lupain at bakit nga ba wala tayo roon? Buweno, bakit nga ba wala ang iglesia roon? Bakit nga ba ang dakilang Iglesiang Cristiano ngayon ay hindi nabubuhay na gaya ng nakatala sa Aklat ng mga Gawa, at di ni la mapalabas ang kapareho ng naipalabas nila? May dahilan kung bakit ganito.

30 Alam nating lahat na watak-watak tayo, at napakasama ng kalagayan natin; at ang pi nakamasamang kalagayang ki — kinasad I akan ng C ri sti an i smo ay ang kalagayan nito sa araw na ito. At tayo ay nasa - nasa bingit na tayo ng - ng isang dakila, kahindik-hindik na kahatulang nakaabang sa iglesia. At bago maganap ang kahatulang ito, tumatawag ang Diyos ng isang exodo gaya ng ginawa Niya noon. 64 Ang mga kasalanan ng mga Amorita ay umabot na sa sukdulan. Kaya't tumatawag na Siya ng isang espirituwal na exodo. Ngayon, magbalik tayo sandal i at magtipo tayo at tuklasin natin.

Nagpunta sila sa Egipto, dahil sa inggit sa isang kapatid. Iyan ang dahilan kung bakit nasa Egipto ang Israel noong panahong iyon, nasa labas sila ng lupain. Alalahanin n'yo, ang mga pangako ng Diyos ay magkakabisa sa kanila habang nananatili sila sa loob ng lupaing iyon.

31 Ngayon, nakikita na ba ninyo kung ano ang ipinangusap natin sa panalangin Hang minuto pa lamang ang nakal i I i pas? Bakit kailangang patigasin ng Diyos ang puso ni Faraon? Para pabalikin ang mga tao

sa lupang pangako bago Niya sila pagpalain, upang maipadala Niya sa kanila ang Mesiyas. Bakit niya pinatigas ang puso ni Hitler upang magalit siya sa mga Judio samantalang Judio Siya? BakitNiya nagawa iyon kay Stalin, kay Mussolini?

Kita n'yo, mga taong hindi kinasihan, tulad ng isang bansa, sila'y - sila'y . . . Kinailangang alisin ng Diyos ang - ang mga bagay na ipinamumuhay nila, ang mga batas ng lupa, napakaraming pagkakataon, upang magkatotoo ang Kaniyang mga pangako.

Kaya nga kailangan niyang patigasin ang mga puso ng mga diktador na iyon upang itaboy ang mga Judio pabalik sa lupang pangako. Kailangang magkagayon.

32 magkagayon. 69 Ngayon, makikita nating nang magtungo sila roon, si Jose ... alam natin ang kuwento kung babalikan natin ang Genesis. At basahin na lang ninyo, dahil medyo - medyo tanghali na akong nagsimula sa napakahabang araling ito na pang Sunday school. At sisikapin kong magmadali. Pansinin n'yo ngayon, basahin na lang ninyo kung may pagkakataon kayo, ang tungkol kay Jose na huling isinilang sa magkakapatid, ikalawa siya sa bunso. Masasapo agad iyan ng espirituwal na isip ngayon din. Hindi siya ang bunso. Si Benjamin ang bunso; ngun it sa pagtitiwalag, masdan n'yo. Magkapatid na tunay sina Jose at Benjamin, at silang dalawa lang ang tunay na magkapatid. Hindi nabigyan ng pagkakilala si Benjamin hanggang sa makita niya si Jose. At higit sa kanilang lahat, binigyan si Benjamin ng doble ng ibinigay sa kanila ni Jose.

Mabuti, pansinin n'yo ngayon, makikita nating doon pala, ay may mga

33 nailayo siya sa kaniyang mga kapatid sapagkat siya ay espirituwal. Isa siyang dakilang tao, bagama't siya ang pinakamapagkumababa sa lahat, pinakabata siya sa lahat, at namuhi sila sa kaniya nang walang dahilan. Hindi si la dapat namuhi sa kaniya. Dapat sana'y iginalang nila siya, sapagkat . . . Bakit nila siya kinamuhian? Dahil ba sa isa siyang kapatid? Hindi talaga iyon ang dahilan. Kinamuhian nila siya dahil mas ginagamit siya ng Diyos kaysa sa iba sa kanila. Kita n'yo?

Pinagkalooban Niya siya ng espirituwal na pang-unawa. Nakakapagpaliwanag siya ng mga panaginip nang sakdal na sakdal, at nagagawa niyang manghula ng mga pangyayaring nagaganap ayon sa pagkakahula niya, tamang tama sa pagkakasabi niya; at hindi siya — hindi niya sila sinanto.

Nagkaroon siya ng panaginip tungkol sa bungkos ng halamang trigo na yumuyukod sa kaniyang bungkos ng trigo, at nagalit sa kaniya ang mga kapatid niya gawa nito. Ang sabi niya, wari ko'y doon na nga . . . “Ikaw na bansot na holly roller.” Sa ibang salita, “Yuyukod kamo kami sa iyo balang araw?”

Ngunit iyon nga ang nangyari. Paanong mangyayari na ang mga higanteng iyon ay yuyukod sa abang hindi kilalang taong iyon, ngunit yumukod nga sila. Tiyak ngang yumukod sila at nagmakaawa.

Ngunit wala pa kasi siya sa kapangyarihan noon. Nakikita ba ninyo? Nasa anyong bata pa lamang siya.

34 At pagkatapos, makikita natin na dahil sa ginawa niya iyon, na nailayo si Jose sa kaniyang mga kapatid, ang mga

denominasyon at nagsolo na lang siya (Kita n'yo?), ang mga kapatid niya ay naroon nang lahat sa lupain. 75 At nangyari ang dakilang bagay na iyon. Nauunawaan nating ang Israel, hangga't doon sila nakatahan sa dakong tahanan nila at tinupad nila ang . . Ngayon, mabuting bagay ang tumigil sila sa lugar na iyon; tama iyon kung tutuusin, ngunit iwinaksi nila ang Espiritu. Ang mga pundamental sa araw na ito, alam nila ang posisyon nila sa pamamagitan ng intelektuwal na pagkaunawa ng Biblia, ngunit wala sa kanila ang Espiritu. Itinakwil nila si Jose, itinaboy nila siya. Ayaw nilang makilahok doon, sa lupong ng mga holy-roller; isa iyong “Ayaw naming makilahok diyan.” Itiniwalag nila siya. Ipinagbili nila siya sa sanlibutan. Hindi sila kasama sa kanilang pagsasama-sama.

35 Ngayon, dahil ginawa nila iyon, naalis sila sa lugar nila, dinala sila sa Egipto nung huli. Ngayon, ang kuwento ng mga inggiterong kapatid ay isang napakagandang paghahambing sa nangyayari sa espirituwal sa araw na ito.

A — alam nating lahat iyan, na dalisay na inggit lang iyon, hindi pala dalisay, iyon pala'y ang dati nang marumi, nakapandidiring inggit. Kita n'yo? Walang anumang kadalisayan sa inggit. (Kita n'yo?); ito'y dili't iba kundi inggit na nakapandidiri.

Samantalang kitang-kita nila ang Biblia at at kalikasan ng Diyos na sumulat ng Biblia, na nagpapatunay sa sarili Nito, pagkatapos ay tatanggihan nila ito nang walang kadahi-dahilan, dalisay ito . Buweno hindi pala dalisay, gaya ng nasabi ko na; ito'y inggit na napakarumi. Napapanood nila kung paanong ang diyos ay nagpapagaling ng mga maysakit, at bumubuhay ng patay . ang Diyos na nabuhay sa mga kaarawan ng mga apostol, ito ring Ebanghelyong isinulat nila sa espirituwal na lakbaying ito; Ito pa rin ang dating Diyos na gumagawa ng dati pa ring mga bagay, hanggang sa wala nang ibang naging

dahilan ng pagkakatiwalag niya, at, "Hindi namin papayagang magkaroon ng ganiyan sa aming mga kinasasakupan." Kita n'yo? Pinalalayas sila.

36 lnakala nila, ng magkakapatid, na walang magiging silbi sa kani la ang isang taong tulad niya, kaya bakit hindi na lang siya iligpit. Iyan nga ang . lyan din ang nangyari sa.araw na ito. Iniisip nilang dahil ang mga iglesia natin ay naging masyado nang intelektuwal, na sa atin sumisimba ang mga taong pinakamahuhusay manamit, ang pinakamalaking organisasyon, ang pinakamatatalinong ministro, kaya hindi na naming kailangan ang Espiritu Santo tulad ng nangyari noon.

Na busog na sila . Sa ibang Salita, mas malakas mangusap ang kilos kaysa salita, na ang kanilang mga seminaryo at ang kanilang—ang utak ng — ng kanilang mga pagsasama-sama at pagtalakay tungkol sa bagay na ito, na mas higit ang kakayanan nilang mamahala sa iglesia kaysa sa Espiritu Santo; kaya't hindi na ni la Ito kailangan pa. "Isang bagay iyan na hindi na natin kailangan ngayon. Ang mga kaarawan niyan ay lipas na." Ngayon, hindi ba't ganiyan nga ang nangyayari? "Hindi natin kailangan ang Espiritu Santo upang magpagaling ng maysakit; may mga duktor naman tayo. Hindi na natin kailangang magsalita pa ng ibang wika ang Espiritu Santo; lahat naman tayo ay matatalinong tao." At pag ganiyan ang nagyari, pinahihina ninyo ang inyong balangkas, ang pinakadaluyan ng buhay.

Sinabi ni Jesus sa mga Judio sa panahon Niya, "Hindi ba ninyo nabasa na ang batong tinanggihan ay ang Punong panulukang Bato, na siyang kinasasaligan ng buong gusali?"

37 Ngayon, nakikita ba ninyo kung ano'ng gusto kong sabihin? Ngayon, tiyak ko namang nasasapo ninyo iyan. Na ang — ang dah i Ian nito ngayon, ay inakala nilang hindi na nila ito kailangan. "Hindi na namin kailangan ang mga taong nagsasalita ng ibang wika. Hindi na namin kailangan ng mga taong nagpapaliwanag ng ibang wika. Hindi na namin kailangan ang mga propeta ng Lumang Tipan upang maglagay sa atin sa tamang kaayusan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nauunawaan natin ito."

Kita n'yo, tumanggap na si la ng sistemang gawa ng tao upang ipamal it sa Espiritu Santo. Kaya naman, may mga taong hinirang, ang mga pangalan nila ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero; hindi sila maaaring sumangayon doon. Siba y mga taong espirituwal kung mag-isip; kung kaya't hindi sila maaaring sumang-ayon doon. Hindi nila iyon matitiis. Kahit pa ang ama't ina nila ay matagal nang namuhay sa boob ng anumang organisasyon o iglesia,

38 kapag ang iglesia ay gumagawa o nakagagawa ng . . . Marahil ay hindi niyan ito tutukuyin kaagad

Oh, hindi, hindi nila iyan sasalitain ngunit ang ikinikilos nila ang nagpapatunay. Naririto ang Salita, at pinatutunayan Ito ng Espiritu Santo sa mga tao kung magagawa lamang Niyang pagsamasamahin ang mga ito, na Siya ay nagpapagaling pa rin ng rnaysakit, at bumubuhay pa rin Siya ng mga patay, at nagsasalita pa rin Siya ng ibang wika, at nagpapalayas ng diablo. Kaya depende iyan sa — kung ano' ng nasa kalooban ng tao.

39 Iyan ang iniisip niyang si Mrs. Arganbright, nung isang araw, nakaupo siya roon sa lakaran, nagbubunot ng damo, habang nagtatabas siya ng damo sa bakuran. Dinaanan ko siya, napakalapit ko sa kaniya, at hindi niya ako nakilala at hinayaan ko lang na magpatuloy siya; pinanonood ko siya.

Ngayon, pansinin n'yo, ang Espiritu Santo at ang dakila Niyang gawa.

40 Sa pakiwari ng iglesia ay hindi na nito kailangan ang Espiritu Santo. Iyan ang sasabihin sa inyo ng mga iglesia. At maaaring tumayo ang tao at makapagbibigay siya ng isang intelektuwal na pananalita at halos ay mapaniwala ka niya. Ngayon, huminto nga tayo riyan sandali.

Hindi ba't sinabi ni Jesus na magiging magkahawig na magkahawig ang dalawa hanggang sa dadayain nito pati na ang hirang kung maaari tang? Ang pananalita ng mga intelektuwal ay magiging napakahusay, na — na madadaya ang mga tao. Iyan ang Ebanghelyo, mga lalaki ito na kayang humawak sa Salita, sa hanggang ang sinumang taong intelektuwal, kung sa karunungan ka lang aasa, ma — magagawa nilang ikundena ang Espiritu Santo at paraan ng tao ang pipiliin nila. Nakikita natin iyan.

41 Ngayon, ganiyan din ang naging kaisipan nila tungkol kay Jose, at iniligpit nila siya. At doon sa Egipto . . . Oh, iyan kasi ang akala natin. Kaya kong gumugol ng maraming oras . . . Maaari kang tumigi I dito ng tatlong taon at hindi mo matatapos ang paksang iyan, araw at gabi, at makatutuklas ka pa rin ng mga dakilang aral ng Espiritu Santo.

42 Ang espirituwal na kaisipan ay makatitingin sa Egipto at makikita nito ang pagdating ng pag-uusig, makikita nito kung bakit inilayo si Jose nang sa gayon ay magsimula ang pag-uusig, at pagkatapos ay makikita nito ang Diyos sa gulong na nasa boob ng gulong, lahat ng bagay ay umiinog nang sakdal na sakdal. Makikita nitong itinakwil ni Potipar si Jose. Makikita nito ang kasinungalingang iyon at makikita nitong nakakulong si Jose, mahaba na ang balbas niya, itiniwalag ng kaniyang mga kapatid; ngunit bigla na lamang pumasok ang Diyos. Kita n'yo?

43 Kung paanong nakikita nating umiiinog ang gulong na nasa boob ng gulong, ang dakilang piano ng Diyos ang nagpapakilos sa lahat ng bagay tungo sa exodo, hanggang sa sumapit ang oras na ito kung kailan ay tatawagin Niya silang pabalik sa lupain, pabalik sa lugar na iyon, sa isang kalagayan kung saan ay maaari Niya silang pagpalain at ipadala Niya sa kanila ang Isang iyon na ipinangako Niyang ilalagay Niya sa kalagitnaan nila. Kailangang maparoon muna sila sa kanilang lupain. Alalahanin n'yo, kailangan muna nilang lumabas sa lupaing kinaroroonan nila at magtungo sa lupang pangako bago dumating ang naipangakong Mesiyas sa kanila.

44 At ganito rin ang kailangang gawin ng iglesia: Ang lumabas sa lupong iyon ng mga tagatakwil tungo sa pangako bago maipamalas ang Mesiyas sa kanilang harapan. Nakikita ba ninyo?

Ang Buhay ng Mesiyas na naipapamalas, hinahanda ang isang iglesia, isang Nobya . . . Kung pakakasalan ng isang babae ang isang lalaki samantalang hindi sila nagkakasundo, ito'y magmimistulang isang uri ngaway itong walang katapusan. Ngunit kapag ang lalaki at ang kaniyang asawang babae, ang kaniyang kasintahan, ang babaeng nakatakda niyang pakasalan, kung lubos ang kanilang pagkakasundo tulad ng isang kaluluwa at isang diwa, dahil sila ay magiging isang laman . . . At kung magagawa lang ng iglesia na makipagkasundo nang lubusan sa Diyos hanggang sa ang manipestasyon ng Nobyo ay maipamalas na sa Nobya, sapagkat magiging Isa na sila . . . Oh, isang dakilang aralin ito. Mabuti, ngayon, alalahanin n'yo, ang espiritwal na kaisipan na nakasasagap nito, makikita nito ang tipo at ang antetipo at masasagap nito ito. Maaari tayong gumugol ng maraming oras dito. Masdan n'yo kung ano'ng nangayayari.

45 At bakit nga ba tayo naghintay ng napakaraming taon mula pa nang magsimula ang panahon?

Alam n'yo, nangungusap ang Biblia na tumakas ang iglesia sa ilang kung saan ay kinalinga siya sa boob ng isang panahon at mga panahon. At bakit nga ba nagkaganito na tayo ay . . . Nakikita ba ninyo, ito pa rin ang gulong ng Diyos na nasa boob ng mga gulong. Bakit nga ba hindi ito ginawa ng Diyos noon pa nang ang mga tao ay gumagamit pa ng lapis, at ang mga babae, at sinikap nilang kuwentahin kung kailan talaga ang oras gaya ni Judge Rutherford at marami pa sa kanila, at si Jesus umano ay darating noong 1914, at — si Mother Sh ipton at maging noong mga panahong nauna rito at iba pa, ang lahat ng mga panahong ito ... At, kita n'yo, dahil sinundan ng tao kung alto ang sinikap nilang unawain sa Kasulatan (Kita n'yo?), sinira nila Iyon.

Nakatago kasi ito; ang totoo ay nakatago ito. At paanong magagawang salungatin ng kasulatan ang Sarili Nito samantalang sinabi ni Jesus, "Walang nakakaalam ng tamang sandali o oras." Kita n'yo? Kita n'yo, kumukuha lang sila ng isang bahagi ng Kasulatan at doon sila nananangan,

46 dapat ay kabuuan ang kunin n'yo. At kung naroon ang Diyos, ipamamalas ng Diyos na Katotohanan nga iyon. Tulad ng Kagalingang Galing sa Diyos, kung hindi ito katotohanan, kung gayon ay hindi nga ito Katotohanan. Hindi makikialam ang Diyos, ngunit kung ipamamalas Niya na katotohanan ito, kung gayon ay katotohanan nga ito. 94 Kung paanong si Jesus,

47 ang sabi ng Diyos, "Kung mayroon man sa inyong propeta o taong espirituwal, mangungusap Ako sa kaniya, at nangyari ang ipinangusap niya, kung gayon ay pakinggan n'yo siya." Iyon na iyon. Ngun it kung ang hula niya ay mall, kung gayon ay hindi maaaring magkamali ang Diyos. Siya ay infinite, walang kabiguan, omnipotente, at hindi Siya maaaring magkamali. Kaya nga kung nangungusap ang tao, kung gayon ay ipinakikita nito na ang tao . . . Kung ang ipinangusap niya ay sari

li niyang salita, mabibigo ito, ngunit kung ang ipangungusap niya ay Salita ng Diyos, hindi ito maaaring mabigo, sapagkat Diyos ang nagsasalita. Kung gayon ang inspirasyon niya ay galing sa Diyos, at ito'y — kailangang maging tama ito. Iyan ang paraan ng Diyos upang ipangusap ito.

Ganiyan din ang Biblia Sa Lumang Tipan, sinabi niya, "Kung hindi ako nangungusap ayon sa kautusan at mga propeta, iyon ay dahil walang buhay sa mga iyon," walang I iwanag sa mga iyon. Tama. Kai langan nilang mangusap ayon sa kautusan at mga propeta. At ang hula, o anumang bagay ay dapat ayon sa Salita, dahil kung hindi, ito'y mali.

48 Ngayon, makikita nating lahat ng ito ay naganap sapagkat naghintay . . . ng mga revival . . . Ang mga Metodista, ang mga Lutheran, ang mga Baptist, ang mga Campbellites at — at lahat ng iba pa; nagkaroon na si la ng mga dakilang revival; ngunit hindi pa nagaganap ang dakilang exodo. Bakit?

Sinabi ng Diyos kay Abraham na pananatiliin Niya siya sa lupain sa oras ding iyon, ngunit ang kasamaan ng mga Amorita ay hindi pa umaabot sa sukdulan. At buong pagtiti is na naghintay ang Diyos. Ang mga taong nagsisikap makaunawa; nakikita nilang may tinutunguhan ang Kasulatan, may isang bagay silang matutuklasan; sasabihin nila, "Ito na ang araw; ito na ang oras; ngunit hindi ninyo nauunawaan na ang kasamaan ng mga Amorita ay hindi pa umaabot sa kasukdulan.

49 Apat na raang taon, naglakbay si la roon sa Egipto at ilalabas na sila; ngunit ang totoo ay nanatili sila roon ng apat na raan at apatnapung taon, dahil sa pagkakatakwi I sa propeta. Kinailangan pa nilang

magtiis ng ilan pang panahon, raga apat na pung taon pa doon sa ilang bago si la nailabas ng Diyos. Si Moises ay naroon sa gitna ng ilang sa boob ng apat na pung taon bago siya nakabalik upang palayain sila. Nakikita ba ninyo? Apat na pung taon pa ang nakalipas, lumampas iyon, dahil tinanggihan ni la ang mensahe. Ngayon, ang apat na pung taon sa orasan ng Diyos ay katumbas marahil ng isa't kalahating minuto kung susukatin sa orasan natin. Gan iyan kalaki ang kaibahan; ang isang I ibong taon ay isang araw lang (Kita n'yo?), ni wala pa ngang isang minuto ang katumbas nito, halos. Pansinin n'yo iyan.

50 Ngayon, ginagabi na tayo. Bakit? Nagpapahinuhod kasi ang Diyos, naghihinty siya, nagmamasid. Hayaan ang — nagkaroon ng revival ang mga Lutheran, at pagkatapos ay naging organ isasyon sila. Hayaang ang mga Metodista ay magkaroon ng revival: magtatatag na naman sila ng organisasyon. Hayaang si John Smith ng iglesiang Baptist ay magpasimula ng isang malaking revival: nagtatag na naman si la ng organisasyon. Hayaang

ang mga Pentecostal ay magbangon taglay ang pagsasauli ng mga kaloob: nagsipagtatag din sila ng organisasyon; hanggang sa ang kasamaan ay umabot na sa sukdulan, at nagsasawa na ang Diyos.

Pagkatapos ay nagkaroon ng isang exodo,

51 at nakikita natin ito; na. mismong ang mga tao ay makapagbabalik-tingin sa agos ng panahon, na ang bagay na ito ay isinumpa. Tumatanggap na naman sila ng harang at ng magarang kasuotan ng taga-Babi Ionia. At iyan ang sumpang dumarating sa mga tao, kung ituturok ng tao ang sarili niyang kaisipan tungkol sa mga bagay-bagay.

Kailangan nating manatili sa Salitang iyan; ang utos ng Diyos ay huwag hihipo ng anumang bagay sa boob ng bayang iyon, ang sinumpang bayang iyon. Huwag n'yong hihipuin; layuan ninyo.

At inakala ni Achan na maaari niyang kunin ang ginintuang kasangkapan at makapamumuhay siya nang dis-ente, tutad ng iba pa sa sanlibutan pati na ang magarang damit ng taga-Babilonia. Oh, ang mga Achan sa mga kampamento ... Kita n'yo? Ngunit ang bagay na iyon ay isinumpa, at nagpapatuloy pa rin ang sumpa. Isinumpa iyon doon pa lang sa Konseho sa Nicea, Roma. Isinumpa na iyon mula noon, ngunit hinayaan lang ng Diyos na mapuno ang kasamaan hanggang sa ang oras ng mga Amorita ay matupad na.

52 At ngayon, sinumang may espirituwal na pang-unawa, alalahanin n'yo, lagi ko itong sin isipi, "espirituwal na pang-unawa." Makikita ninyong ang kasamaan ng bansang ito ay napupuno na. Nagtatag na ito ng organisasyon at mull itong nagtatag ng organisasyon, at nagtatag nang nagtatag, at ngayon ay isa sa siyang kompederasyon at mayroon na namang gustong sapian. Puno na ang kasamaan.

Oras na ng exodo. Oras na ng pagpapalabas tungo sa lupang pangako, hindi pangako ng panibagong bansang papasukin, kundi isang tahanan, ang milenyo, oras na ng pagpapalabas. Ang kasamaan ng bansang ito (tatalakayin kong muli iyan mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon) ay sukdulan na. Napakarumi na niya.

Sasabihin mo, "Brother Branham, ang bansang tinitirhan mo?" Opo, Tiyak nga. Sasabihin mo, "Bilang isang mamamayan ng Estados Unidos ay hindi mo dapat sinasabi iyan."

Kung gayon ay hindi dapat tumawag ng sumpa si Elias sa bayan ng Israel, dahil isa siyang Israelita. Ang iba pang mga propeta ay hindi dapat nagbitiw ng sumpa sa bansang iyon, dahil mga Israelita rin sila.

53 Ngunit nangusap lang sila, hind i ang sarili nilang kaisipan, kundi ng Salita ng Panginoon. Kita n'yo? Depende iyan kung sa'n mo kinukuha ang iyong

inspirasyon; depende iyan kung paano itong dumarating. At kung salungat iyon sa Salita, layuan ninyo. At ipinamamanhik ko sa kahit sino na patunayan n'yo kung salungat nga ba ito sa Salita. Hindi ba't sinabi ng Biblia sa Apocalipsis 13 ... Doon lumitaw ang bansang ito. Ang bansang ito ay may bilang na ikalabing tatlo, isang bansa ng babae. Babae ang nasa Biblia. Babae ang nasa mga barya natin. Ito'y bansa ng babae. 108 Dito nagsisimula ang kabulukan ng kababaihan, dito muna, dito rin ito magwawakas. Nagsinula ang kabulukan sa Eden sa pamamagitan ng paniniwala sa Salita. Doon namisa ang mga babaeng mangangaral at lahat ng iba pang bagay. Ang karumihan ng sanlibutan ay nagmumula sa Hollywood, ang pinakamasamang bansa sa buong mundo. Mas maraming tayong diborsyo rito kaysa sa lahat ng bansa ng mundo, kung pagsasamahin silang lahat. Kita n'yo?

Bakit? Malalaman n'yo rin isa sa mga araw na ito, kung loloobin ng Panginoon. Makikita n'yo kung bakit ang sinumpang bagay na ito .. . Makikita ninyo ang pagkabulag ng diborsiyong ito na ipinantatakip ni Satanas sa mata ng mga tao. Nakakatakot ang oras na ito. Halos ay naririto na ang wakas; sa paniwala ko. Bulok na sila, sagad na hanggang buto.

54 Lumitaw siya sa Apocalipsis 13, panglabingtatlo. At alalahanin n'yo lumitaw itong parang kordero: kalayaan sa rel iyon; ngunit tumanggap ito ng kapangyarihan sa hayop, isa itong imaheng kawangis nito.

At nangusap siyang taglay ang buong kapamahalaan at ginawa rin niya ang lahat ng kabulukang ginawa ng hayop na nauna sa kaniya. Kung gayon ay sabih in mo sa aking hindi nakahu la ito tungkol sa bansang ito. 111 Ang kalagayan ng mga Amorita ay halos hinog na, pagkat tinatrabaho na nila ito. At maging ang bagong papa, ang pinakalayunin niya ay ang pagbuklurin ang kapatiran. At sa natural na pan ingin, ito nga ang dapat gawin. Ngunit sa mata ng Diyos, salungat ito sa Espiritu Santo. Hindi tayo maaaring makilahok diyan. At bawat iglesia ay sasapi sa pederasyong iyan.

Lumabas ka riyan sa lalong madaling panahon. At tatanggapin mo ang tatak ng hayop, nang hindi mo namamalayan. Lumabas kayo riyan.

55 Umaasa akong masasapo ito ng diwang espirituwal. Tiyak kong nasasapo ninyo ito, ngunit iniisip ko ang mga rasa labas. Gayon man, hindi mo kasi kayang dalawain ang lahat ng bansa; maaari kang magpadala ng mga tape. Mayroon at mayroong paraan ang Diyos upang mahagip ang diwang iyon sa labas upang mahasikan ng binhi. Tama. At sa sandaling tairman iyon ng liwanag, kaagad iyong kikibot, nagkakabuhay. Tulad ng babae sa balon, ang sabi niya, "Hayan na." Nasapo niya Iyon. Magsilabas kayo sa bagay na iyan;

isinumpa iyan. Isinumpa? Sabihin mo sa akin kung nangyari na bang nahulog ang iglesiang nahulog diyan at nakabangon pang muli. Sabihin n'yo sa akin ang isang organ isasyong naitatag na hindi nalugmok. Kaya makikita n'yo na mali ang bagay na iyan.

56 Tama, hindi pa kasi puno ang kasamaan ng mga Amorita, kaya kailangan nilang tumigil doon ng kaunti pang panahon at maghintay bago maganap ang exodo. Ngunit nang umabot na sa sukdulan ang kasamaan ng mga Amorita, may naganap na espirituwal na exodo o natural na exodo, upang mapangunahan ang mga tao sa isang natural na lupain, kung saan ang mga natural na Amorita ay dating nakatira — inangkin nila ang lupaing iyon.

At ang kasamaan ng denominasyong Amorita, na matagal na panahon nang binabansagan ang sarili bilang iglesia, hanggang sa umabot sa kasukdulan ang kanilang kasamaan. May magaganap na exodo kung kailan ay ipakikilala ng Diyos kung sino nga ba sila, kung saan ang iglesia mismo, ang Nobya ni Jesus Cristo ay mag-eexodo tungo sa lupang naipangako: sa tahanan ng Aking Ama ay maraming mansiyon sa lugar na ito. Hindi n'yo na kailangang pumaroon at makipagbaka tulad ng ginawa nila; nakahanda na iyon. Kung ang makalupang tabernakulong ito ay magi ba, mayroong isang naghihintay sa atin. "Kung nasaan Ako, doroon din naman kayo." Napipinto na ang dakilang exodo.

57 Masdan n'yo kung paanong isinagawa ng Diyos ang exodong iyon. Kung ano ang Kaniyang . . . Kung anong paghahanda ang ginawa niya, at pag-aralan lang natin sandali. pagkatapos ay tingnan natin ang araw na ito.

Mabuti, pansin in n'yo, bago nriangyari ang exodo, may lumitaw na na Faraon na hindi nakakikilala kay Jose (Kita n'yo?), isang Faraon na hindi nakakikilala kay Jose—hindi niya kilala si Jose. Ano ba ang kinakatawan ni Jose, ang espirituwal na bahagi sa espirituwal na exodo? May lumilitaw ngayon Tayo ay nasa isang kalayaan. Ang babae ay pinakain sa loob ng isang panahon, mga panahon, at kalahati ng panahon.

Ngunit nung huli ay may lumitaw na isang — isang Jo — o isang Faraon, isang diktador, na hindi kumikilala rig kalayaan sa relihiyon, pinagkakaisa niya ang mga ito. Huwag n'yong hahayaang lumampas ito sa inyo. Dumating ang pagkakataong kailangan munang dumating ang isang Faraon. At namuhay nang masarap ang mga organisasyon, namuhay silang parang mga hinugpong na sanga sa tunay na baging ng Cristianismo, ngunit namumunga pa rin ito ng orihinal na bunga nito: mga babaeng halos ay hubad na, mga lalaking matatalino na itinatanggi ang kapangyarihan ng Espiritu, ngunit namumuhay ito sa silong ng pangalan ng iglesiang Cristiano. Isa itong baging na hinugpong, ngunit ang Magsasaka ay darating sa mga oras a ito upang

tabasan ang baging na iyon, gaya ng sinabi Niyang gagawin Niya. At lahat ng sangang hindi namunga ay tinagpas at itinapon sa apoy at natupok ang mga iyon.

58 Ang bigat sabihin nito, ngunit kung minsan, talagang mabigat ang katotohanan. Ito ang makapagsasabi sa inyo, kung paanong dinadala ng Diyos ang Kaniyang mga anak sa malalalim na tubigan at maputik na buhanginan at sa mga bagay-bagay. Ganiyan Niya itong ginagawa.

Alalahanin n'yo, ang — ang palayok ay kailangang mabasag, magkabasag-basag, magkapira-piraso, upang muli itong mahubog at muling magiling. Parang nakapanghihinayang na wasakin ito, ngunit kailangang gawin, upang mabuong muli ang palayok, ang plorera, o anuman ang ginagawa ninyo.

59 May lumitaw na Faraon, na hindi nakakikilala kay Jose, ay iyon na ang naging pasimula ng pasimula. Iyon na ang pasimula ng exodo. At nang mabuo ang bagay na iyon sa silong ng kapangyarihang politikal, nang magsimula iyong mabuo, nagsimula nang maghanda ang Diyos.

Ang kasamaan ng mga Amorita ay umabot na sa kasukdulan. Ang oras na ipinangako Niya kay Abraham ay natupad na, at ang oras ng pagpapalaya ay nalalapit na. At pinahintulot ng Diyos na lumitaw ang isang Faraon na hindi nakakikilala kay Jose, at isinilang si Raamses, at si Raamses nga ang Faraong hindi nakaalam ng mga pagpapala ni Jose.

At — at hindi niya alam kung ano ang espiritwal na kabuluhan ng naganap noon; isa lamang siyang henyo sa larangan ng politika, kaya't nagawa niyang, kubkubin ang Ethiopia sampu ng iba pang mga bansa dahi I sa lakas-militar, at ang tanging nalalaman niya ay — ay ang lakas-militar.

60 At sa aking palagay, kung espiritwal ang isang tao, makikita niya kung ano'ng nagaganap ngayon. Magkakaroon tayo ng isang faraon na walang kamuwangan sa kalayaang pangrelihiyon. Nang rnagsimulang manungkulan ang ating pangulo, ayaw niyang manumpa tungkol dito, na nan in iwala siya sa kalayaang pangrelihiyon.

61 Anong nangyari nung isang araw nang harapin niya ang tanong tungkol sa segregasyon sa timog, nang ang gubernador ng — ng Alabama . . . Sana ay makausap ko ang ministrong iyon — si Martin Luther King, paaanong makapamumuno ang lalaking iyon samantalang inaakay niya ang mga tao sa isang patibong ng kamatayan?

Kung ang mga taong iyon ay mga alipin, pupunta ako roon, huhubarin ko ang aking amerikana, ipakikipaglaban ko ang mga taong iyon. Hindi sila mga alipin, sila'y mga mamamayan; mga mamamayan sila ng bansang ito. Ang kuwestiyon tungkol sa pagpasok sa eskwela, ang mga taong iyon — kung matigas ang puso nila at hindi nila nalalaman ang mga bagay na ito, hindi mo maaaring ipami I it sa mga tao ang mga bagay na espiritwal, samantalang naikintal na sa kanila ang kapangyarihang politikal. Kai langan nila itong tanggapin, maipanganak silang mull, at makikita nila ang mga bagay na ito.

62 Ngunit ang lalaking ito, kung magagawa ko lang na kausapin siya — p inamumunuan niya ang mga napakahalagang mga taong iyon, sa pangalan ng relihiyon tungo sa isang patibong, kung saan ay maipapahamak niya ang I ibu-I ibo sa kanila. Hindi nila . Ang nakukuha lang nila ay ang natural na panig. 126 Ang lalaking ito, ang kapatid na itim, nang maganap ang pag-aaklas sa Louisiana, naroon ako nang mangyari iyon. Nang ang ... May isang itim na ministro, isang butihing kapatid, tumayo siya roon at nagsabi, tinanong niya ang sundalo, “Maaari ko ba silang kausapin; kalahi ko ang mga iyan.”

At ang matandang ministrong ito ay tumayo 'roon at nagsabi, “Nais kong sabihin sa umagang ito; hindi ko ikinahiya kahit minsan ang aking kulay. Ganito ako ginawa ng aking Manlilikha.” 128 Nais Niyang manatili siyang gayon. Nais Niyang manatiling gayon ang bawat tao. Lumilikha Siya ang mga puting bulaklak at lahat ng kulay ng bulaklak. Huwag ninyong paghahaluin ang lahi nila. Huwag ninyong pagsasamahin ang lahi nila. Sasalungat kayo sa kalikasan.

63 Ang sabi niya, “Kailan man ay hindi ko ikinahiya ang kulay ko, hanggang sa umagang ito.” Ang sabi niya, “Kapag nakikita ko ang aking mga kababayan na nag-aaklas at ginagawa ang mga bagay na ginagawa nila ngayon,” ang sabi niya, -dahi Ian ito upang ikahiya ko sila.“ 130 Sa loob-loob ko, ”Pagpalain ng Diyos ang tinig na iyon.“ Ang sabi niya, ”Tingnan n'yo ang mga paaralan dito. Kung wala sana tayong mga paaralan, ibang usapan iyon. Ngunit sino ba ang may pinakamagagandang paaralan dito sa Louisiana?“

Ang sabi niya, “Ipaghalimbawa na, ang siyudad natin. ang Shreveport.” Aniya, “May paaralan ang mga puti roon at iyon ang lumang paaralan. Nagtayo si la ng isa pa. Wala si la kahit isang instrumento, wala silang palaruan para sa mga bata; napakarami nating palaruan. At bukod pa diyan. nagpagawa pa si la para sa atin ng isang napakalaking swimming pool para sa ating mga anak; at nasa atin din ang pinakamahuhusay na mga guro.” Ang sabi niya, “Bakit gugustult in n'yong pumunta roon, samantalang mas maganda pa nga ang paaralan n'yo rito? Ano ba'ng nangyayari sa inyo?” ang sabi niya.

At ang mga taong iyon ay sadyang nagsitutol at nilunod nila ang tin ig na iyon. Hayan. Nakikita ba ninyo? Maling inspirasyon.

64 Ang mga taong iyon ay hindi mga alipin. Mga kapatid ko sila. Kung mga alipin sila, sasabihin ko, “Samahan natin sila at magmartsa tayo sa lansangan at magprotesta tayo.”

Hindi sila mga alipin. Mga mamamayan sila na tulad din nating may mga karapatang gaya ng iba. Mga inspirasyon itong nagmula sa impiyerno upang ipahamak ang isang milyon sa kanila. Magsisimula sila ng isang rebolusyon; tiyak nga. Hindi tama iyan.

May mga karapatan ang kalalakihan at kababaihan. Ang mga kapatiran nating itim at ang mga Hapones pati na ang mga dilaw, puti, itim, at kahit ano pa sila, walang pagkakaiba ng kulay sa ating Diyos. Nagmula tayong lahat sa iisang tao: si Adam. Ngunit kung pinaghiwalay tayo ng Diyos at nagkaiba ang mga kulay natin, manatili sana tayong gayon. Kung dilaw ang lahi ko, nanaisin kong manatiling isang Hapones o Tsino. Kung ako'y naging isang itim, nais kong manatiling gayon; ginawa kasi akong gayon ng Diyos.

65 Tapatan lang, napakaraming mga katangian ang mga itim na dapat sanang makuha ng mga puti. Hindi sila mapag-alala; mas espiritwal sila. Libong bagay ang nasa kanila na walang wala sa taong puti. Nilikha silang gayon ng Diyos. May gagaling pa ba sa koro ng mga itim? Sa'n kayo makakakita ng gano'ng boses? 136 Nakita ko sila sa mga lupaing pinagmulan nila, hindi nila alam kung ano ang kanan o kaliwang kamay, tatlumpu o apatnapung magkakaibang tribo ang naroon, at napakagaling nilang mag-awitan hanggang sa.nung hull ay tumayo ang mga maestro at nagsabi, "hindi ko na kaya."

Nagsanay si la ng mga koro sa loob ng maraming taon at ang isa ay isang octavo ang taas at ang isa'y mababa at lahat na at ang sabi, "Pakinggan n'yo," sakdal na sakdal, kahit nga sa ibang wika. May mga kaloob sila.

66 Ngunit nakikita ba ninyo, lahat ng bagay na ito ay kailangang mangyari; lahat ay dahil sa isang politiko na ibinoto ninyo gamit ang mga madadaya ninyong makina. At noong isang araw, nang tumayo roon ang gubernador, namanata siya at ibinoto siya sa opisinang iyon ng mga tao, at ang kuwestiyon tungkol sa segregasyon ayon sa saligang batas ay, ang bawat-isa — bawat isa sa mga estado ay maaaring magkaroon ng kani-kaniyang kaisipan tungkol dito. 139 Wala siyang pakialam, ngunit binasa niya ang saligang batas at nag sabi, "Ngayon, ang paaralang ito ay naninidigan para sa segregasyon." May paaralan sila roon at dalawang itim na bata larnang ang nais pumasok sa paaralang iyon samantalang mayroon naman silang sariling kolehiyo. Ngunit

tumayo siya roon at nagsabi . . . Ang ginawa niya . . . Binasa niya ang saligang batas.

67 At pagdating sa taong ito na nasa atin ngayon, na hindi nakakikilala kay Jose, ng kalayaan, palibhasa'y nais niyang makuha ang boto ng mga itim, at hindi niya alam na kung tutuusin, ang Republican Party ang nagpalaya sa kani la, ipinagbibili ang kanilang pagkapanganay kapalit ng isang bagay na gaya niyan at inaakay sila sa isang patibong upang maipakita na ang bawat sistemang gawa ng tao ay nakatakdang bumagsak. Tama nga.

At si Mr. Kennedy, ginawa niyang pambansa ang "guwardia" at isinugo ang mga lalaking iyon upang harapin ang kanilang sariling mga ama, nakatayo sila roon sa silong ng saligang batas; at muli nilang nilabag ang saligang batas.

68 Ang sabi, "Hindi kami makikipaglaban, hindi po," at ang sabi, "Sana naman ay matuklasan ng bansa na hindi na tayo nabubuhay sa demokrasya, kundi sa silong ng diktaduryang militar.

69 Alam n'yo ang lumang kasabihan, "Basta Democrat na taga timog, mananatiling Demokrat hanggang wakas." Ewan ko lang ngayon. Siguro naman ay may sapat na isip ang tao para magising siya. Lubayan na ninyo ang mga butihing taong iyon; huwag ninyo silang hahayaang mapatay doon tulad ng lalaking iyon na binari I ang kaniyang kapatid sa likod nung isang gabi, at naroon sa bagay ang maliliit niyang mga anak pati na ang kaniyang asawa. Kahit sino pa iyon; napakababa niyon at napakaliit. Opo. Sana ako ang maging hukom sa kasong iyon. Binaril niya ang lalaking iyon habang pauwi siya sa kaniyang asawa't mga anak, isa rin siyang mamamayan, may karapatan siyang manindigan sa kung ano ang iniisip niyang tama, isa siyang mabuting tao. Nailathala ang I itrato sa Life magazine — iniiyakan ng batang lalaki ang kaniyang ama; at isang taong tampalasan ang bumaril sa kaniya sa likod, tinambangan siya ... Iyan ang kasasapitan mo kung tatanggihan mo si Cristo. Tama. Diyan hahantong ang buong bansa, lahat ay nasa silong ng politika. Nakakahiya ito, ngunit iyan kasi ang gusto natin. Napatunayan natin iyan nitong nakalipas na botohan.

70 Sinabi sa akin ng anak kong lalaki kanina, "Daddy, ang mga magulang nating manlalakbay, nang magsiparito sila, kabilang ba silang lahat sa ganitong simbahang denominasyon? Lahat ba sila ay . . ." Aniya, "Nakasuot kasi si la ng malalaking balabal."

At ang sabi ko, "Hindi, anak, kaya si la nagpunta rito ay gawa ng kalayaang pangrelihiyon. Iyon ang dahilan kung bakit si la naparito. Para makatakas sa bagay na iyon." Nakikita na ba ninyo kung saan na ito humantong? Ipinakikita nitong lahat ng kahariang ito ay kailangang bumagsak. (Kai langan kong magmadali.)

71 Isang bagay Lang, dalangin ko na sana ay magising na agad si Brother Martin Luther King. Mahal niya ang kaniyang mga kalahi; walang duda. Ngunit kung sana — makita sana niya kung saan gal ing ang inspirasyon . . . Ano'ng bang mapapala ninyo kung makakapasok nga kayo sa paaralan pero isang milyong kalahi naman ninyo ang mamamatay? Gugustuhin pa kaya ninyong pumasok sa eskuwela kung gayon?

Ngayon, kung gawa ng gutom, kung iba sana ang dahilan, kung mga al ipin sila, ang lalaking iyon ay ituturing na isang martir kung ibubuwis niya ang buhay niya alang-alang sa karapat-dapat na adhikain; at karapat-dapat nga ang gayong adhikain. Ngunit para lang makapasok sa paaralan, hi — hindi ko iyan maunawaan.

Sa palagay ko'y hindi sumasang-ayon sa kaniya ang Espiritu Santo bahagya man tungkol sa adhikaing iyan. Pinaghihimagsik nila ang kalooban ng mga tao sa isang bagay na walang katuturan.

Nakikita ba ninyo? Ganiyan din ang ginawa ni Hitler sa Germany, inakay niya si la sa isang patibong, ang mga butihing Alemang iyon; at bilyun-bilyon ang nakahandusay doon, o milyunmilyon pala, patung-patong sila roon. 148 Ganiyan nga ang mangyayari. Ang mga butihing taong iyon ay mangamamatay na parang mga langaw. Magpapasimula ito ng isang pagaaklas, kapuwa ang mga puti at mga itim ay maglalabang muli at mamamatay silang parang mga langaw. At ano'ng mapapala ninyo pagkatapos ng lahat? Isang bunton ng mga taong patay.

72 Ngunit may lumitaw na faraong hindi nakakikilala kay Jose. Ganiyan din ang nangyayari ngayon. May isang lalaking lumitaw at nanumpa siya sa panunungkulan sa — sa White House at ayaw niyang manumpa — ayaw niyang manumpa, na nan in iwala siya sa kalayaang pangrelihiyon.

Ano ang sinasabi ng bagong papa? Isa — apat na bagay ang isinusulong niya, ang isa ay ang pagkakaisa ng mga Catolico at Protestante. At sa taong intelektuwal, tila iyan nga ang dapat gawin. Ngunit ayon sa Biblia, hindi dapat gawin iyan, at sinabi ng Biblia na gagawin nga nila iyan. (Sumulong pa tayo nang kaunti.)

At ang Raamses na ito sa Egipto ay lumalaki na. Lumalawak ang kaniyang kapangyarihan. Ang natural na tao, ang anticristo, ay lumalaki na ngayon sa pamamagitan ng politika. Naroon na siya sa White House ngayon. Sa larangan ng relihiyon, nalito na niya ang mga tao nang lubusan hanggang ang totoo ay papayag silang lahat dito. At ang mga lider ng denominasyon . Ang totoo, ang bawat iglesia sa bansang ito ay kasapi na sa kapisanan ng mga iglesia. Lumalaki na si Raamses, at nagkakaisa na silang lahat, at iyan nga

ang mapapala nila. At ano ba ang ibubunga nito? Lumilikha ito ng isang kapangyarihan, isang hayop na kamukha ng nauna.

73 At magkakaroon ng pag-uusig sa mga hindi magsisisali rito, at magkakaroon ng isang boykot. Magiging huli na kung magkakagayon; natanggap na ninyo ang tatak. Huwag ninyong sasabihin, "Doon na ako maniniwala." Makabubuting ngayon ka na maniwala. Lumalaki na si Raamses.

Ngunit alalahanin n'yo, habang lumalawak ang kapangyarihan ni Raamses sa Egipto, kinakausap naman ng Diyos si Moises doon sa ilang. Lumalago rin siya. Si Raamses ay may isang sistemang pampulitika. Ang Diyos naman ay may espiritwal na sistema sa ilalim ng kapamahalaan ng isang propeta na handang bumaba at makipag-usap sa mga tao.

74 Muli na namang lumalaki ang dalawang ito ngayon. Magkakaroon ng sagupaan isa. sa mga araw na ito. Hindi na magluluwat at magkakaroon na ng isang sagupaan.

Kung paanong ang natural — gaya ng nakasaad sa Kasulatan . . . ang natural ay tumitipo sa espiritwal. Hindi n'yo ito maaaring takasan. Hayan na; nakatambad ito sa ating paningin. Katotohanan ito. Tingnan n'yo ang iglesia ngayon, pinalalabas, patungo na sa pagkaluklok sa kapangyarihan, bumababa ang Espiritu Santo, ang mga hiwaga ng Diyos ay nahahayag na at nailalagay sa tamang kaayusan. Kita n'yo? Naririto na siya, naroon na siya sa White House, at nagkakaisa na rin ang iglesia (Amen.), hindi ang denominasyon, kundi mula sa silo ng kasamaan, palayo sa mga Amorita. Isang bayang malaya . . . Oh.

75 Hawak na ng Diyos si Moises, ang magiging propeta Niya, bagama't nanghula na siya at pinatunayan na niyang tama siya, gayon man ay naroon siya sa paaralan sa ilang, nagtatago sa sanlibutan. Datapuwa't nag-aral siya, sinanay siya roon sa ilang. 156 Laging iaalok ng kaaway ang kaniyang sistema, at tatanggapin to ng kawalang pananampalataya, sapagkat ang kaaway ay ang intelektuwal na tanda. Ngayon, alalahanin n'yo, dalawa lamang . . . Huwag n'yo itong kalilimutan. Dalawa lamang ang kapangyarihan. Ang isa ay ang espirituwal na kapangyarihan ng Espiritu Santo; ang isa naman ay ang diablo na gumagawa sa pamamagitan ng kapangyarihang intelektuwal. Dahil diyan siya pumasok sa hardin ng Eden: sa pamamagitan ng kapangyarihang intelektuwal upang mapaniwala si Eva sa intelektuwal na kaisipan laban sa Salita. Sadyang napakaliwanag nito; kah it bata ay makukuha iyan. Kita n'yo? At laging ganiyan ang nangyayari mula noon hanggang ngayon.

76 Heto at nasa Egipto na ito sa umagang ito.

May kapangyarihang intelektuwal na gumagawa kay Raamses, pinalalago siya sa kapangyarihan at pinalalaki siya, hindi niya alam ang kapangyarihan upang payagan — kung ano ang ginawa ni Jose, kung ano ang ginawa ng iglesia sa pasimula.

At ngayon, ganito rin ang nakikita natin, isang kapangyarihang intelektuwal na pumapasok sa mga iglesia, at lumaki na ito hanggang sa magkaroon ito ng pinunong eklesiastikal, na walang pagpapahalaga sa sinasabi ng Biblia. May sarili silang sistema, hindi ang sinasabi ng Biblia; kundi kung ano ang sinasabi ng iglesia.

At ang mga protestante ay nakihabi na rin dito hanggang sa ang malili it na grupong gaya nito . . .

"Buweno, siyanga, alam kong ganiyan nga ang nakasaad, ngunit sinasabi ko sa inyo, lipas na ang mga araw na iyan." Anyo ng kabanalan, ngunit itinatanggi ang kapangyarihan Bawat Kasulatan sa Biblia ay tumuturo dito.

Ngayon, nakikita ba ninyo kung bakit nais kong itape ito at ipadala sa mga tao. Dumating na kasi ang oras. Kailangan nang maipaalam ang Katotohanan. Napipinto nang maganap ang exodo. Kita n'yo, ang — ang bahaging intelektuwal ay tila baga sakdal na sakdal, at sakdal na sakdal nga ito. Siyanga . . . Ngunit sakdal nga ito, na inspirasyon ni Satanas.

77 At samantalang ang intelektuwal na si Raamses ay lumalaki at patungo na luklukan ... At alalahanin n'yo, lumaki siyang parang kapatid ni Moises (Kita n'yo?), kapatid siya ni Moises. Isa sa kanila ang kailarizang kumuha ng luklukang intelektuwal, tulad ni Jose sa kaniyang mga kapatid. At ano nga ba ang ginawa nila sa batang si Jose? Itiniwalag nila siya sa Salita. Ang Salita ay Diyos. At itiniwalag nila ang Salita at ang tinanggap nila ay kredo; at ngayon, ang kredo ay tumubo na at naging isa nang kapangyarihan. Oh, Diyos, makita nawa iyan ng mga tao.

Paano ko pa kaya higit na magagamit ang ang aking tinig? Paano ko pa kaya ito higit na malilinaw sa Kasulatan sa silong ng pagkasi ng Espiritu Santo, na naririto na nga tayo? "Oh," baka sabihin mo, "buweno ngayon, kung gating iyan kay Papa Juan, o kay ganito at ganoong Papa o kay ganito o ganoong Obispo .. ." Nakikita ba ninyo na ang pinili ng Diyos ay isang di kilalang taong nakatira sa disyerto? Sasabihin mo, "Paanong mangyayaring lahat ng ito ay mali?"

78 Ang Diyos ay nakikitungo sa indibiduwal, hindi sa grupo, sa mga indibiduwal. Kinukuha ng Diyos ang Kaniyang Kinukuha Niya ang Kaniyang . . . Ang tanging kailangan Niya ay isang tao lang na mahahawakan — magagamit Niya. Iyan lang ang nais Niya, isang tao lang.

Laging gayon ang ginagawa Niya sa bawat kapanahunan, kung makakakuha lang Siya ng isang tao. Isang tao lang ang nakuha Niya sa mga kaarawan ni Noe; isang tao lang sa mga kaarawan ni Elias; isang tao lang sa mga kaarawan ni Juan Bautista. Isang tao lang ang kailangan Niya.

Sa mga kaarawan ng mga Hukom, isang tao lang ang linuha Niya: si Samson, bin igyan Niya siya ng daki hang kapangyarihan, ngunit ipinagbil i niya iyon sa isang babae at nabulag siya. Mga hukom, hindi pala sila, ang Diyos ang Hukom. Kita n'yo?

Nakikita ba ninyo na sa araw na ito, nagsisikap Siyang kumuha ng isang tao, na mahahawakan Niya upang sa kaniya'y ipangusap Niya ang katotohanan, at magiging wala siyang takot kung tataglayin niya ito; wala siyang sasantuhin; hindi siya magiging dogmatik, isang taong mahahawakan Niya sa Kaniyang kamay at makapagpapakitang buhay ang Kaniyang Salita at buhay ang Kaniyang Sarili. 166 Naniniwala akong magagawa Niyang ihanda ang taong iyon. Naniniwala ako; pinaniniwalaan ko ito; sapat ang paniwala ko sa Biblia kaya paniwala ako riyan. May makukuha Siya (Tama.) at sasalitain niya ang Katotohanan.

79 Makalipas ang ilang panahon ay makikita natin, matapos siyang pumasok sa lahat ng mga paaralan . . . Ngayon, masdan n'yo, kapag nag-alok ang kaaway ng isang bagay, ang isip na intelektuwal, dahil ang kaaway ay gumagawa sa karunungan. At ang isip ay mauupo at mangangatwiran at sasabihin nito, "Ngayon, sandali lang. Hindi ba't ang konseho . . ."

Kausap ko ang isang lalaki nung isang araw, at ang sabi niya, "Tingnan mo, Billy . .." (Nagtatrabaho siya sa Public Service Company, mabuting tao siya.) At ang sabi niya, "May nais akong itanong sa iyo." Ang sabi niya, "Isa kang Irish." Ang sabi ko, "Opo," sabi ko pa, "Parang ikinahihiya ko ito ngunit Irish nga ako." At ang sabi niya ... "Buweno," ang sabi niya, "alam mo ba na ikaw, ang totoo ay Catolico ka dapat." Ang sabi ko, "Ako ang orihinal na Catolico."

Alam n'yo kasi, ang unang iglesia ay iglesiang Catolico. Nakikita ba ninyo kung nasaan na ito ngayon? Nagsimula iyon sa Pentecostes, dumausdos iyon at naging organisasyon, at ginawa nila ang mga bagay na ginawa ng unang iglesiang Catolico, at halos ay singlayo na rin sila ng— kung gaano sila kalayo dalawang I ibong taon na ang nakalilipas; at halos ay limampung taon ang lumipas bago si la nagkaganito.

80 Ang sabi niya, "Hindi ka ba naniniwala, na kapag ang isang grupo ng mga kaisipang ekumenikal (hayan na.) ay nagkatipon at pinangatwiranan nila ang isang bagay, at magkakaisa ang buong lupon, hindi ba't sa palagay

mo ay medyo . . ." Ang sabi niya, naparito ako upang pakinggan kang mangaral," aniya, "ngunit hindi ako sang-ayon sa iyo." Ang sabi ko, "Mapapatunayan mo lang na tama ang hindi mo pagsangayon ay kung kaya mong patunayan sa Biblia."

Ang sabi niya, "Walang kinalaman dito ang Biblia." Ang sabi ko, "Sa iyo marahil, ngunit para sa akin may kinalaman ang Biblia sa lahat ng ito. Kita n'yo? Salita kasi ito. Ang sabi niya, "Hindi mo ba naiisip, na

ang pinagsanib na mga kaisipang ekumenikal, na nagkakaisa ay mas tama at tiyak na mas tama sila kaysa sa isang taong hindi nakapag-aral na gaya mo?" At ang sabi ko, "Buweno . . ."

Ang sabi niya, "Ano'ng karapatan mong magsalita ng laban sa Obis — o laban sa aming — sa aming iglesia? Samantalang sa mga nakalipas na kapanahunan — nang idaos nila ang unang konseho ng iglesia gaya ng ipinangusap mo nung isang gabi, nang marinig niya ang mga Mga Kapanahunan ng Iglesia, nang magkatipon ang konsehong ekumenikal sa Nicea, Roma, at buuin nila ang Iglesiang Catolico Romano?" Aniya, "Hindi mo ba alam na libu-libong tao, sugo ng espiritu, mga taong sugo ng Diyos na naupo sa konsehong iyon? At hindi mo ba naiisip na ang kanilang pag-iisip ay mas nakauunawa ng kalooban ng Diyos, kaysa sa pag-iisip mo rito ngayon, matapos patunayan ng Diyos sa boob ng dalawang libong taon na tama ang iglesiang iyon?"

81 Ang sabi ko, "Hindi Niya iyon pinatunayan kailan man." Ang sabi ko, "Kung ang iglesiang iyan ang Iglesia ng Diyos, gusto kong magpakita ito ng kagaya ng ipinakita ng iglesia noon. Gusto kong makitang nakapagpapalabas sila ng mga bagay na naipalabas nila nung una." Samantalang maging sa Biblia, maging ang Biblia ay nagsasabi, "hindi mabibigo ang isa mang kudlit nito." At sinabi Niya, "Ang sinumang magbawas o magdagdag ng isa mang salita mula rito, aalisin ang kaniyang bahagi," kahit pa nga galing sa konsehong ekumenikal, o saan man, mula sa Aklat ng Buhay, tapos na siya.

Ang sabi niya, "Billy, namamali ka ng pangangatwiran."

At ang sabi ko, "Kung gayon sa palagay ko, minsan, sa dakilang dignidad ng Israel, nang maghiwalay sila tulad ng Protestante at Catolico sa araw na ito; naffs ng Israel na manatiling Israel." Ngun it makikita nating nagkaroon sila ng haring nagngangalang Jehosphat, isang taong matuwid, na nagsikap tuparin ang — ang — ang mga kautusap ng Diyos; ngunit may isa pa silang hari na ang pangalan ay Achab, na nakapag-asawa ng isang babae, pu I itika, pin ipil it niyang makipagkaibigan sa ibang bansa at pinakasalan niya ang isa sa mga anak nilang babae, si Jesabel, at dinala niya siya sa — i si nal i niya siya sa bayan ng Diyos — gaya rin naman ng ginagawa natin ngayon. At pinapapasok natin . . . At naging isa siyang pinuno. Ganito at ganoon ang ipinasabi niya kay Achab — ganiyan din naman ang ginagawa ninyo ngayon." At ang sabi ko, "Pagdating ng harapan,

82 nais nilang pagkaisahin ang dalawang iglesia gaya ng pinagsinisikapan nilang gawin. ngayon. At para kay Achab at maging kay Jehosaphat, ang lalaking maka-organisasyon, ang sabi, '0o, mabuti iyan. Ang bayan mo ay bayan ko. Cristiano tayong lahat. Mga mananampalataya tayong lahat. Magsama-sama tayong lahat.'"

"Ngunit pagdating sa harapan, ang sabi niya, 'Hindi kaya dapat muna natin itong ipanalangin? Kailangan nating konsultahin ang Panginoon.'" At ang sabi niya, "Oo," ang sabi ni Achab.

Kaya't ang sabi niya, "Ganito ang gawin natin. Maghanap tayo ng propeta ng Diyos." Ngunit nakikita ba ninyo, may sistema si Achab na akala niya ay sa Panginoon. Ang sabi niya, "Mayroon akong apat na raang propeta, nag-aral at sinanay, at sinasabi nilang sila'y mga propetang Hebreo," (gaya rin naman ng ginagawa ng mga grupo ng mga ministro sa araw na ito)."

At inilabas nila sila at tinanong ni la si la tungkol sa kalalabasan ng— ng pakikibakang iyon. At bawat isa sa kanila ay nagkaisa at nagbuklod silang parang konsehong ekumenikal ng araw na ito, at ang naging pasiya nila: "Humayo kayo, kasama ninyo ang Panginoon, sapagkat ang lupaing iyon ay totoong sa atin." Kung pakikinggan ay parang katanggap-tanggap iyon.

83 Ngunit sa kaibuturan ng puso ni Jehosafat, parang hindi tama iyon. Ang sabi niya, "Alam kong mayroon kang apat na raang bihasang mga ministrong ekumenikal, at nagkakaisa silang lahat, hanggang sa gumawa pa nga sila ng isang paris na sungay na yari sa bakal at ang sabi, ITO ANG SABI NG PANGINOON, ngunit puwede bang humanap pa tayo ng isa?

Ang sabi niya, "Huwag nawang sabihin iyan ng hari," ang sabi ng Pulitiko. "Huwag nawang sabihin iyan ng hari dahil ang lalaking ito ay mga dalubhasa. Ako mismo ang nagsanay sa kanila." Iyon na nga; iyon na nga. "Sinanay ko ang mga lalaking ito, ngunit mayroon pang isa. Ako mismo ang nagsanay sa kanila, ngunit totoong mayroon pang isa, ngunit kinamumuhian ko siya." Kita n'yo? Ang sabi niya, "Si Micheas, ang anak ni Imlah," ngunit ang sabi niya, "kinamumuhian ko siya. Siya ang lapastangan sa lahat sa kanila. Lagi niya silang pinagagalitan. Lagi niyang sinasabing mali ako, at tingnan mo ang kaharian ko." Siyanga, tingnan nga ninyo. Tingnan n'yo kung gaano kagulo.

84 Tingnan nga ninyo ang inyong denominasyon sa araw na ito, may anyo ng kabanalan at itinatanggi ang kapangyarihan nito. Oh, maaaring mas marami kayo ng isang milyon o ng isang libo at mas mahusay ang pagkakasanay ninyo sa kalalakihan ninyo, ngunit nasaan na nga ba kayo sa Espiritu? Nasaan ang lakas ninyo na dating taglay ni Samson nang tumayo siya roon, gaya ng sinabi ko nung isang araw, ang laki-laki ng kaniyang balangkas at lahat ng litid niya ay naroroon pa rin, ngunit walang buhay sa kaniya? Iniwan na siya ng Espiritu; wala siyang magawa. akay-akay siya ng isang bata, bulag ang kaniyang mga

mata, gawa ng isang babae. Ganito ang katulad ng iglesia sa araw na ito: inaakay ng pulitika, ng mga obispo, matatanda, at lahat ng iba pa, mga lalaking humuhugot ng mga dayami para may inailagay sila sa kanilang mga sumbrero at lahat na. Nasaan na nga ba tayo?

Kaya't nang humantong sila sa pagkakataong iyon,

85 ipinasundo nila si Imlah o ang— hindi si Imlah, kundi si Minheas, ang anak ni Imlah. Ipinasundo nila siya, at nanghula siya at sinabi niya sa kanila na mapapatay si Achab kung lulusob siya roon. At ang arsohispong iyon, tinampal niya siya sa bibig. Naging tapat lang naman siya. Ang sabi niya,"Saan ba nagtungo ang Espiritu ng Diyos nang lisanin ako Nito?" Ang sabi niya, "Makikita mo."

Ang sabi, "Ibilanggo siya; ikulong n'yo siya sa pangloob na bilangguan at pakanin n'yo siya ng tinapay ng kahapisan, at pag nakabalik akong mapayapa," aniya, "saka ko haharapin ang lalaking ito." At si Imlah, palibhasa'y alam niyang matuwid siya sa harapan ng Diyos . . . Bakit? Tumugma ang pangitain niya sa Sal ita. Isa siyang propeta, at ang kaniyang espiritu sampu ng kaniyang pangitain ay tugmang-tugma sa propetang Elias.

I84 Ang sabi niya,"Kung makakabalik ka pa, ibig sabihin ay hindi nangusap ang Diyos sa akin."

I85 Ngayon, sinabi ko sa lalaking iyon, "Sino ba ang tama, ang konsehong ekumenikal kung saan naroon ang apat na raang kalalakihang nagkakaisa, hinirang ng tao, o ang isang lapastangang pinili ng Diyos?"

Buweno, ang sabi niya — ang sabi niya, "Buweno, paano mo bang malalaman ang kaibahan?"

Ang sabi ko, "Balikan natin ang bluprint." Paano ba nating malalaman kung paanong itatayo ang isang gusali malibang mayroon tayong hawak na bluprint?

Kung tumigil lang sana sila sandali at tinuklas nila ang propetang iyon, si Elias, isinumpa niya si Achab at sinabi niyang hihimurin ng mga aso ang kaniyang dugo, at nangyari nga. Paano niyang babasbasan ang isang bagay na isinumpa na ng Diyos? Lumabas kayo sa bagay na iyan; layuan n'yo iyan. Pumasok kayo kay Cristo.

86 [Patlang sa tape —Ed.] . . . hinahanda nila ito, at ang sabi naman ng intelektuwal na kaisipan ay tama iyon. Doon nakatayo ang mahal na kapatid na ito, ang lalaking ito. Ang sabi niya, "Para kasing . . . Tingnan mo, alam mong kung lahat tayo ay magsasama-sama bilang isang iglesia, hindi ba sa palagay mo ay mas maganda iyon kaysa naman nagpangalat tayong kagaya ngayon?" 190 Hindi ba't katanggap-tanggap iyan kung pakikinggan, kung magagawa lang sana ng lahat ng mga Catolico at Protestante ang magsama-sama at magkasundo sa isang bagay na maaari nilang pagkasunduan? Ngunit paanong magkakasundo ang dalawa, malibang magkasundo sila? Paanong mangyayari iyan sa inyo kung ang isang grupo ay naniniwala sa pagpapagaling ng Diyos at ang sabi naman ng isa ay hindi siya naniniwala rito, ang isa naman ay inilalagay iyon sa ibang nakalipas na panahon; at ang iba sa kanila ay ni hindi nga naniniwala sa Biblia. At pag pinagsama mo iyan, ano'ng makukuha mo? Hindi sa Diyos nagmumula ang kalituhan. Bago magawa ng Diyos na isaayos ang Kaniyang iglesia, naghintay sila ng sampung araw at gabi hanggang sa magkatipon silang lahat sa isang lugar, at nagkakaisa sila, at saka dumating ang Espiritu Santo para sa pamumuno, hindi sa kung anong konsehong ekumenikal. Kita n'yo? Sana ay nakukuha ninyo ito.

Pansinin n'yo,

87 na ito ay hindi mananampalataya, hind i tapat sa Salita ng Diyos, hindi niya pinapansin kung ano'ng sinasabi ng Salita ng Diyos, ngunit ang binibigyang pansin niya ay ang sarili mong pangangatwiranf. Ganiygn ang ginawa ni Eva nung una. Nagtiwala siya sa kaniyang pangangatwiran.

Ang sabi ni Satanas, "Ngayon, tumingin ka rito, hindi ba't katanggap tanggap ito? Alam kong iyan ang sabi ng Salita, ngunit sandali lang: hindi ba't mas katanggap-tanggap kung malalaman mo ang tama at mali?" "Buweno, oo . . ." At tinanggap niya iyon.

88 Siyanga, ganiyan nga; nangangatwiran sila.

Ngayon, ang kawalan ng pananampalataya ay — laging nagtutungo sa pangangatwiran, ngunit hindi ito magagawa ng pananampalataya. Hindi makatuwiran para sa ating ama, na siyang tinagurian nating ama ng pananampalataya, si Abraham, na tayo ay mga anak niya sa pamamagitan ni Cristo — makatwiran ba na ang isang babaeng anim na pu't limang taong gulang, at namuhay na siyang kasama ang lahat ng — mula pa sa pagkabata, hindi siya magkaanak? At nang isang daang taong gulang na siya, o siyamnapu pala, at isang daang taon na ang asawa niya, at wala pa rin silar g anak, hindi siya nangatwiran Ineksamin si Sarah ng isang lupon ng mga duktor at mga scientist at ang sabi, "Aba, tuyo na ang kaniyang bahaybata. Apat na pung taon nang natuyuan ang mga ugat niya na daluyan ng

gatas. Ang puso niya sa edad niyang iyan, hindi na niya makakayanan ang hirap ng panganganak.

Aba, makatwiran lang ito.“ Ngunit tinanggihan iyon ni Abraham. Hindi siya natisod sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya, sinalungat niya ang mga pangangatwiran; hindi siya natisod sa pangako ng Diyos, anuman iyon, sapagkat ibinilang niyang may kakayanan ang Diyos na isagawa kung ano'ng sinabi Niyang gagawin niya.

89 Ngayon, nasaan ba ang mga anak ni Abraham sa umagang ito? Kayong mga ministro na nangangamba na kayo'y — nagangamba kayo tungkol sa inyong tinapay at tubig — doon sa lansangan kung aalis kayo sa Babylon, nasaan ang inyong pananampalataya? Sinabi ni David, “Minsan na akong naging bata, at ngayon ay matanda na ako; hindi ko pa nakitang pinabayaan ang taong matuwid, o mamalimos man ng tinapay ang kaniyang binhi.” Huwag kayong matakot. Manatili lang kayong tapat kay Cristo.

90 Ngunit ang kawalan ng pananampalataya ay makasasapo ng katuwiran. Iyon ang nangyari noon ... Ngayon, nakukuha na ba ninyo? Ang kawalan ng pananampalataya ay nakabatay sa katuwiran, sa mga bagay ng araw na ito. Hindi ito gagawin ng pananampalataya; ang pananampalataya ay nakatingin sa Salita; ngunit isinasalig ng pananampalataya ang sarili nito sa Batong hindi natitinag: ang eternal na Salita ng Diyos. Amen. Hindi nakatingin ang pananampalataya sa pangangatwiran. Kahit pa gaano mo ipakita na mayroon pang mas mabuti; kung ang sabi ng Salita ay “Hindi,” doon nakasalig ang pananampalataya. Iyan ang santuwaryo o pahingahan ng pananampalataya.

91 Nais ko kayong tanungin, mga Lutheran, sa umagang ito, kayong mga Baptist at kayong mga Catolico, at kayo, anuman kayo, sa mga taong makadenominasyon sa buong mundo: Paano ninyong nagagawang isalig ang inyong pananampalataya sa inyong denominasyon samantalang salungat iyan sa Salita? Ano'ng uri ba ng pananampalataya ang nasa inyo? Ang nasa inyo ay kapangyarihang mangatwiran at hindi pananampalataya. “Sapagkat ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng . pakikinig,” pakikinig ba ng konsehong ekumenikal? Magagawa ba ninyong sabihin Maaaring makuha ninyo iyan sa Old Ladies Birthday Almanac, ngunit hinding hindi ninyo iyan makikita sa .Salita ng Diyos.

92 “Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, at sa pakikinig ng.Salita ng Diyos.” Amen.

Sabihin mo kung may taong makapagsasalita ng anumang salungat diyan at pagkatapos ay sasabihing iyan ay Salita ng Diyos, samantalang langit at lupa'y lilipas ngunit hindi lilipas ang Salitang iyan. Nakakasumpong ang

pananampalataya ng santuwaryong pahingahan sa Salita. Kumikilos ito tungo sa ibabaw ng eternal na Bato, na si Cristo Jesus, ang Salita, at humihimlay iyon doon at namamahinga.

Hayaan n'yong umihip ng malakas ang hangin; hayaan n'yong manalasa ang bagyo; I igtas siya magpakailan man. Namamahinga siya sa Salita. Diyan namamahinga ang pananampalataya, ang tunay na pananampalatayang Cristiano. Dakong pahingahan ang Salita. Sapagkat tiyak nito na laging patutunayan ng Diyos na mas nakahihigit Siya sa lahat ng Kaniyang mga kaaway. Kahit gaano pa kasamang tingnan, o kung gaano man pumasok ang kaaway; kahit pa nga parang talunan ka na, tiyak pa rin ang pananampalataya.

93 Ngayon, sa mga taong maysakit, oh, gustung gusto kong ipagdiinan ito. Kapag nasapo ninyo ang pananampalatayang iyon na gagaling kayo, lahat — lahat ng sirkumstansiya, lahat ng iba pang bagay, lahat ng mga tanda, lahat ng mga sintomas ay maaaring magsabing mamamatay ka na, hindi ka matitinag.

Ang pahingahan nito ay ang Santuwaryo ng sal ita ng Diyos, kapag ang pananampalataya, ang tunay na pananampalataya ay humimlay doon. Hindi pakunwaring pananampalataya ha: pananampalataya; hindi pag-asa: kundi pananampalataya. Naririto ang pag-asa, umaasang naroon ito sa loob. Ang pananampalataya ay naroon na sa loob, nakatingin sa labas at nagsasabing, “Tapos na.” Kita n'yo? Iyan ang pananampalataya. Diyan namamahinga ang pananampalataya, pagkat alam nitong kailan man ay hindi papayag ang Diyos na mas maungusan Siya ng kaaway. Kailan man ay hindi pa nangyari ito. Alam iyan ng pananampalataya, kaya't kahit ano pa ang hitsura nito.

Alam ni Noe na lulutang ang daong na iyon: tiyak ngang lumutang iyon. Alam ni Daniel na kaya ng Diyos na isara ang bunganga ng leon. Alam ng mga anak na Hebreo na kaya ng Diyos pigilin ang apoy.

94 Alam ni Jesus na babangunin Siyang mull ng Diyos, sapagkat sinabi ng Salita, “Hindi ko iiwan ang kaniyang kaluluwa sa hades, at hindi ko rin titiisin ang Aking banal na makakita ng kabulukan.” Alam kasi niyang magsisimula ang kabulukan sa loob ng pitumpu't dalawang oral, at ang sabi Niya, “Sa loob ng tatlong araw ay babangunin ko itong mull.”

Kita n'yo, nakasumpong ito ng walang hanggang pahingahan sa santuwaryo ng Salita ng Diyos, at doon ito tumayo.

95 Sisikapin ng katwiran ang magagawa nito upang makilala . “Buweno, ang sistemang ito ay magiging

mas mahusay. Ito na iyon.” Para ngang mas maganda iyan dahil tumitingin ka sa pamamagitan ng isipang intelektuwal.

Maaari mong patunayan ang pangangatwiran ngunit hindi mo mapatutunayan ang pananampalataya; dahil kung kaya mong patunayan, hindi na ito pananampalataya. Ngunit ang tanging nalalaman ng pananampalataya ay ang Salita at ang pangako, at nakatingin ito sa bagay na hindi mo nakikita. “Ang pananampalataya ay katunayan ng mga bagay na inaasahan, katibayan ng mga bagay na kindi nakikita.” Hindi ka maaaring mangatwiran. Hindi ko kayong patunayan kung paano itong maisasagawa. Hindi ko alam, ngunit naniniwala ako. Alam kong totoo dahil sinabi ng Diyos. At iyon na ang tatapos nito. Iyan ang dahilan kung bakit alam kong tama nga ito.

Alam kong tama ang Salita. Alam kong tama ang mensahe. Sapagkat ito'y nasa Salita, at nakikita ko ang buhay na Diyos na kum i ki los dito upang patunayan ito.

Tayo'y nasa isang exodo, tiyak ngang totoo ito.

96 Maging kamatayan ay hindi makatitinag sa pananampalataya. Maaaring tumayo ang isang tao mismong sa . . . kamatayan — sa — sa harapan mismo ng kamatayan at makasisigaw ito ng tagumpay ng pagkabuhay na maguli.

Si Pablo ... “0, kamatayan, nasaan ang iyong tibo, libingan, nasaan ang iyong tagumpay? (Kita n'yo?) Pagkat nagbangon si Cristo, at yaong mga nakay Cristo ay kasama Niyang babangon sa Kaniyang pagdating. Kita n'yo? Hindi ito maaaring magbago. Oo, ginagawang santuwaryo at kanlungang walang hanggan ng pananamapalataya ang Salita ng Diyos.

Pansinin n'yong muli . . .

97 Ngayon, kaunting panahon na lang, mga dalawampu't limang minuto na lang, kung hindi — hindi n'yo mamasamain. Na — nais kong ipagpatuloy ang tape na ito sandali.

Pansinin n'yo ang hari, ang bagong haring lumitaw na hindi nakakikilala kay Jose, ano nga ba ang una niyang binalak upang mawasak niya ang kapangyarihan ng Israel? Ang kanilang mga anak. Tama ba? Tinangka niyang wasakin ang kanilang mga anak. Ngayon, makinig kayong maigi.

Ang siya ring diablo sa ibang anyo ng pagkpari ay nagtangkang magwasak ng bugtong na Anak ng Diyos. Kita n'yo, inuna niyang iligpit ang mga anak, bago siya magpasimula. Ang diablo ay totoong matalino. Alam niya kung paano'ng tirahin ang bagay na iyon bago pa man iyon magsimula; alam niya kasi. Kita n'yo? At ang tanging maaari mong gawin upang talunin mo siya, ay ang manalig ka kay Cristo at magpakumbaba ka at hayaan mong pangunahan ka Niya. Walang ibang paraan upang magawa mo ito.

Hindi ito magagawa ng iyong kapangyarihang intelektuwal. Kailangan mo itong samapalatayanan at manalig ka lang sa Kaniya. Siya ang Pastol. Hindi trabaho ng tupa ang pagtataboy sa lobo; trabaho iyon ng Pastol; ngunit

kailangang manatili sa piling ng Pastol ang tupa upang manatili siyang I igtas. Iyan ang aking Sona ng kaligtasan, kay Cristo, at si Cristo ang Salita. Iyan ang Sonang ligtas.

98 Pansinin n'yo, ang diablo sa anyo ni Raamses, ang hari . . . Ang una niyang ginawa ay ang iligpit ang mga anak sa pamamagitan ng natural na kamatayan, at sa sandaling isilang ang Anak ng Diyos, lumipat Siya sa Egipto; pagkat winasak ng Diyos ang Egipto, sinumpa Niya iyon at magmula noon ay hindi na ito nakabangon.

Pagkatapos ay pumaroon naman siya sa Roma. Inilipat ni Satanas ang — ang kaniyang luklukan sa Roma. At ang unang ginawa ng Roma upang wasaking lahat iyon, upang makuha niya - makatiyak siya, ang diablong nasa sistemang Romano ay nagsikap na wasakin ang ano? Ang Anak ng Diyos ang nais niyang unahin (Tama.): iyon din ang diablong iyon.

At sa araw na ito ay ganito na rin ang ginawa niya sa silong ng tanda ng espiritu ngayon, relihiyoso, sinasabi nilang Cristiano sila, at kinukuha ni la ang ating mga kababaihan at ipinakakasal sila sa mga binatang Catolico at nang mapalaki nila ang kanilang mga anak na Catolico upang magawa nilang wasakin ang kapangyarihan ng kabilang panig. Hayan ang demonyo ninyo. Hayan ang diablo ninyo na nakaluklok sa pitong burol, nakasuot ng tatluhang korona. Kasing tinik at singdunong ng dati, matalino, intelektuwal na gaya ng serpente, ang mga anak niya, gam it din nila ang dating mga intelektuwal na pamamaraan.

Tingnan n'yo,

99 pagkatapos ay pinatay nila ang mga bata sa naunang dalawang pagkakataon. Pinatay nila ang mga bata sa pamamagitan ng ano? Dalawang beses ...Ngayon alalahanin n'yo, masdan n'yo ang dalawa at pagkatapos ay ang tatlo. Kita n'yo? Pinatay niya ang mga bata sa unang dalawang pagkakataon sa pamamagitan ng natural na kamatayan. At sa panghuling pagkakataon, kinukuha niya ang mga bata at

pinapatay niya sila sa pamamagitan ng espiritwal na kamatayan: nagsisipag-asawa, ipinakakasal sila sa ibang lipi.

Hindi ba't ganiyan din ang sinabi ni Daniel sa kahariang ito ng bakal at putik, na paghahaluin nila ang mga binhi sa kagustuhan nilang wasakin ang kapangyarihan ng kabilang lahi, at iyan na nga ang ginagawa nila? Hanggang sa makuha na nila ang bagay na iyon; ngayon ay nakapagpapasok na sila ng isang pangulo; ngayon ang kasunod na gagawin ninyo ay ang ipasok naman ang kardinal, ipasok ang buong gabinete, at ano pagkatapos ang gagawin n inyo?

100 Ang kasunod na gagawin nila, kukunin nila ang salapi nila at - at babayaran nila ang pagkakautang ng Estados Unidos, at hihiram in nila iyon sa

simbahan at kung magkakagayon ay naipagbili na kayo. Kita n'yo? Ngayon, to - tayo ngayon ay nabubuhay, binabayaran natin ang pagkakautang natin sa ibang bansa ng buwis na apat na pung taon pa mula ngayon bago natin masingil. Wala na tayong pera, ngunit may pera ang simbahan. Hindi ba't ang sabi ng Biblia ay napapalamutian siya ng ginto at . . . Ay, naku . . . ngunit kayo . . . Ganiyan talaga ang nangyayari. Kita n'yo? 217 Pinakakasalan ang inyong mga anak na babae; ang inyong mga anak na babae ay napapangasawa ng kanilang mga anak na lalaki, pinalalaki nilang Catolico ang mga anak nila, iyan na nga't pinapatay nila sila sa pamamagitan ng espiritwal na kamatayan. Hindi ba't sinabi ng Biblia na ibubulid niya siya sa higaan ng kamunduhan at papatayin niya ang kaniyang mga anak sa pamamagitan ng espiritwal na kamatayan: Apocalipsis 17. Kita n'yo?

Laging natutupad ang Salita. Kahit saan ka pa magtungo; ang Salita pa rin iyon. Kailangan itong umakma sa larawan; kung hindi, hindi iyon Salita, hindi iyon Salita. Kung hindi ninyo kayang iayon sa kabuuan ng Biblia, kung gayon ay mali iyon.

101 Tingnan n'yo, sa pagkakataong ito, sinasanay ng Diyos ang Kaniyang lingkod para sa Kaniyang .gawain, sinasanay Niya siya nang hindi nila nakikita, sa labas ng kanilang mga piano, sa labas ng kanilang mga pamamaraan. (Nasasapo ba ninyo?) Sa labas ng kanilang makaorganisasyong sistema, sinasanay ng Diyos ang isang tao para sa Kanyang layunin. Pinahihintulutan Niyang magpatuloy iyon.

Hinayaan Niya siyang mag-asawa at magkaroon ng asawa at mga anak, ng anak, si Gershom . . . Naging maganda ang buhay niya, pinagpala Niya siya roon. Ngunit sa buong panahong iyon ay hinahanda niya siya, sinasanay siya.

102 Ang Diyos at ang Kaniyang kaaway, kung ano ang ginawa nila sa natural noon, gayon din ang ginagawa ng Diyos at ng Kaniyang kaaway ngayon sa paraang espiritwal.

Pinatay nila sila noon sa kamatayang natural, ngayon naman ay sa kamatayang espiritwal. Kita n'yo? Hinahanda ng Diyos ang isang natural na tao, ang Kaniyang propeta, upang pumaroon siya sa Egipto. At hinahanda naman ni Satanas ang isang Raamses, ang kaniyang natural na tao (Kita n'yo?), hinahanda niya ang isang natural na tao. Ano? Upang paslanging lahat o pag-isahin ang lahat ng mga Egipcio at lahat ng mga Hebreo at panatilihin silang nagsisilbi sa kanila.

Kaya nga napakahirap para sa kaisipan ang makipagkatwiranan laban sa isang sistema ng edukasyon na may kakayanang patunayan ang mga sinasabi nito. Kita n'yo? Tama. Ang kaisipan ay laging tutungo sa

edukasyon. Ang mga intelektuwal at mapangatwirang isipan ay hindi makauunawa nito.

103 Napanood na ba ninyo ang ginawa ni Cecil Demille na “Sampung Utos”? Palagay ko'y marami sa inyo ang nakapanood na nito. Hindi ako naniniwala sa panonood ng sine, sampu ng lahat ng mga bagay na ito, ngunit nirerekomenda ko sa iglesia na kung mayroong isang . Kung wala silang ibang ipalalabas liban doon, kung gusto ninyong panoorin iyon. Walang masama kung gusto nilang panoorin iyon, dahil hindi ko papayagan .. Naunang manood ang ilang kapatiran; ikinuwento nila iyon sa akin. Maraming taon na akong hindi nagpupunta sa sinehan; nung huli ay nagpunta ako roon, nang ipalabas nila iyon sa drive-in; Pinanood ko iyon. At nakita ko kung ano iyon, at pagkatapos ay sinabi ko sa iglesia, “Kung nais n'yong panoorin iyon, walang masama.”

Hayun at ka — kaibig-ibig iyon, ang ganda,

104 kung paanong ang pandaraya ng diablo, kung gaano siya katinik. Kung paanong — pumasok siya roon upang patayin ang mga batang iyon, at kung paanong ang maka-intelektuwal na kaisipan ay sumang-ayon dito at pinaniwalaarr ito, sapagkat nauunawaan nila iyon at makatwiran iyon.

Oh, kung paanong ang Diyos naman sa buong panahong iyon, sinasanay Niya ang Kaniyang propeta; at kung paanong ang Egipto naman ay sinasanay nito sa pulitika, itong si Raamses, upang siyang mamuno.

At isang araw ay naganap ang dakilang pal igsahan sa pagitan ng kapangyarihang intelektuwal at

kapangyarihang espiritwal. At si Raamses sampu ng lahat niyang mga diyos — at nakatayo siya roon at nagbubuhos ng tubig u — upang basbasan ang diyos rig Nile. Hinagip siya ng Diyos, at tumilamsik ang dugo mula sa kaniya. 0 inisip kong makabuluhan niyon (Kita n'yo?), ang makita kung ano'ng nangyari.

Oh.

105 Oh, ngayon, masdan n'yo, ang intelektuwal ay laging — lagi siyang nangangatwiran, at hindi niya makita ang espiritwal na panig, sapagkat intelektuwal nga. Oh, hindi rin naman ito maaaring mangyari sa alin mang pagkakataon, hindi nila iyon maunawaan.

Hindi nila iyon makita sa mga kaarawan ni Elias, paanong magagawa ng matandang propetang ito na mabalahibo ang mukha . Patawarin nawa ako ng Diyos, sa pagsasalita rig ganito, ngunit gumagawa lang ako ng.. . Alam ng Diyos na sinisikap kong gawin itong katawa-tawa sa abot ng makakaya ko, nang sa gayon ay makita ninyo ang — ang Espiritu ng Diyos, gaya ng sinabi ni Pablo, "Hindi ako pumariyan sa inyo na nangungusap ng mga salitang mapanghikayat at taglay ang karunungan, sapagkat ang mga

kaisipan ninyo ay tiyak na matatangay ng karunungan; ngunit napariyan akong taglay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo upang ang inyong — ang inyong — ang inyong pag-asa at pagtitiwala ay masalig, hindi sa karunungan ng tao, kundi sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Jesus Cristo."

106 Kaya nga ginagawa ko itong katawa-tawa sa pamamagitan rig pagsasabing ang dakiia at makadiyos na propeta ay mabalahibo ang mukha, sapagkat marahil ay napakapangit ng hitsura niya kung tatabi siya sa isang paring magara ang bihis, at pagkatapos ay tatawagin ang sarili niyang lalaki ng Diyos, at tingnan n'yo nga si la; makikita ninyo ang kabanalan sa paring iyon kung ang gagamitin ay kaisipang intelektuwal.

Makikita n'yo ang turban sa kaniyang ulo at ang binaligtad na — at ang ephod na nakapatong sa kaniyang dibdib. Makikita ninyo ang pamahid na langis (natural na langis), sa kaniyang balbas tumutulo hanggang sa laylayan ng kaniyang damit. Makikita ninyo ang mga apoy na pangsunog ng hain na naglalagablab pati na ang lahat ng ritwal na nasa tamang ayos.

Ngayon, doon papanig ang natural na kaisipan. Iyan ang sinisikap nilang gawin sa araw na ito. Ang mata, ang pintuan ng kaluluwa, ngunit nakikita ba ninyo, may espiritwal na mata sa likuran ng mata. Tiningnan nila ang matandang lalaking ito na marungis tingnan, nakatayo siya roon, mabalahibo ang kaniyang dibdib at may isang malapad na balat ng tupang nakabalabal sa kaniya, may lubid na nakabigkis sa kaniyang tiyan at marahil ay nakapaa siya, mapapayat ang kaniyang mga bisig, at ang laman niya ay nakalaylay na ganiyan, at mahaba ang maputi niyang balbas na nakatakip sa kaniyang mukha, at hawak niya sa kaniyang kamay ang isang baluktot na tungkod, nakatayo siya roon; ngunit ang nakikita ng espiritwal na mata ay ang kapangyarihan ng Diyos na nagmumula sa kaniya, pagkat akmang-akma iyon sa Salita.

Hindi kung ano ang nakikita ng katalinuhan; kundi kung ano ang nakikita ng pagiging espiritwal.

107 At ang natural na mata sa araw na ito ay tumitingin sa mapang-akit na iglesia, doon sumisimba ang alkalde ng bayan o — o anuman iyon sa mga denominasyong ito, sa organisasyon, at hindi nila makita ang kapangyarihan ng Espiritu Santo samantalang nakabubuhay ito ng patay at nakapagpapagaling ng maysakit at — at — kung paanong ... Kita n'yo, na — nakatingin sila sa Pinanonood nila ang Hollywood, at pinanonood nila ang mga tao sa lansangan.

Ang kababaihan ngayon ay nag-iisip, "Aba, ang babaeng ito, si Suzy, kabilang siya sa iglesia. Maikli ang buhok niya. Nagme-meykap siya. Lahat ng babae sa bayan ay katulad niya." Iniisip ko tuloy ang langit. Samantalang salungat iyon sa Salita, hindi iyon maaaring itaguyod ng Diyos. Kahit pa nga .

Sasalungatin Niya kasi ang Sarili Niya. Itatanggi niya ang Sarili Niyang Salita. At nais kong malaman n'yo: Hinding hindi iyan gagawin ng Diyos. Kahit pa lumipas ang langit at lupa, ang babaeng maikli ang buhok ay isang sumpa sa paningin ng Diyos, o ang isang babaeng magsusuot ng kasuotang panlalaki.

Kita n'yo, nasasapo ito ng espiritwal na mata. Nabubuhay sila para sa kabilang buhay. Ang natural na kaisipan ay nabubuhay sa katwiran at sa mga karnal na bagay ng araw na ito.

108 Pansinin n"yo ngayon, ginagawa na ito ng Diyos ngayon at hindi pa namamalayan ng mga tao. Ang karnal na kaisipan ay sumasang-ayon sa pangangatwiran. Ang Diyos ay tumatawag na ngayon ng isang espiritwal na exodo. Kung noon ay isang natural na exodo ang isinagawa niya para sa kaniyang bayan, tumatawag Siya sa araw na ito ng isang espiritwal na exodo para sa Kaniyang ano? Sa Kaniyang hinirang, tanging sa Kaniyang hinirang.

109 Ngayon, hindi makita ng Egipto na tama ang Israel. Bagama't ang dugo ng Kordero ay naipahid na sa pintuan at— at sa mga hal igi, sampu ng mga bagay na nagaganap, at naroon ang Diyos, kumikilos sa Kaniyang propeta at pinangyayari ang sal ita ng tao. Hinahayaan Niya siyang tumayo roon at hawak niya

ang gamit niyang tungkod at itinuro niya iyon sa silangan at ang sabi, “Magkaroon nawa ng mga langaw at dumagsa nawa ang mga .iyon sa mga Egipcio.”

Nagbalik siya roon, at ang sabi ng lahat, “Wala namang nagyari, walang nangyari.” Ngunit sa boob lamang ng isang saglit, may isang luntiang langaw na lilipad-lipad. At hindi nagtagal ay marahil dalawang libra bawat kuwadradong yarda ang bigat nila, dahil may isang lalaking nangusap at lumitaw ang mga nilalang.

Heto't nakatayo ang isang intelektuwal na Raamses. Salungat iyon sa lahat ng . . . Isa siyang napakarelihiyosong tao at laban siya sa Espiritu ng buhay na Diyos. At ang natural na kaisipan ay si Raamses tang ang nakikita, ngunit nakita ng espiritwal na kaisipan ang pangako, at nakita niya itong natutupad .

110 Buweno, kung sina Josue at Caleb, nagawa nilang tawagin ang mga Amalecita at mga Heveo at mga Jeboseo, na para bang wala ang mga iyon doon; doble o tatlong ulit na mas malaki sila kaysa sa kanila, at ang natural na kaisipan sa Kadesh-Barnea nang ang mga tiktik at ang iba pa ay nagsipagsabi, “Aw, hindi natin kaya. Tayo'y Sila'y Sobrang laki nila. Aba, para tayong, para tayong mga tipaklong kung ihahambing sa laki nila.”

Ngunit ang nakita nina Josue at Caleb ay ang pangako ng Diyos, ang sabi, “Kayang-kaya natin iyan.”

Aba, nakatingin kasi sila sa Ang sabi ng Diyos, “Ibibigay ko sa inyo ang lupain.” Kita n'yo?

Hindi iyon makuha ng kamal na kaisipan. Nakukuha iyon ng espiritwal na kaisipan.

111 At aba . . . May itatanong ako sa inyo. Bakit hindi makita ng mga Egipcio ang mga bagay na iyon? Sapagkat hindi sila hinirang.

Sinabi na ng Diyos kay Abraham bago pa man maganap (Nakukuha ba ninyo, iglesiang tulog.) Sinabi na ng Diyos kay Abraham bago pa mangyari, “Ang iyong binhi ay maglalakbay sa — sa Egipto sa loob ng apat na raang taon, at ilalabas ko sila.” Iyon ang dahilan at nakita nila; sila ang hinirang.

Hinirang ang Israel upang makita ang tanda ng Diyos, at lumabas sila sa Egipto kung saan napahamak ang mga hindi sumasampalataya. At sa araw na ito, tinatawag ng Diyos ang Kaniyang Hinirang, ang espiritwal na binhi ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalatayang taglay niya sa Salita ng Diyos. 245 Hindi ba ninyo nakikita ang espiritwal na binhi sa araw na ito na hindi nakakikita sa intelektuwal na iglesia; ang nakikita nito ay ang Salita. At tinawag ito mula sa naglalakihang denominasyon tungo sa Presensiya ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Malinaw ba iyan? Nakuha ba ninyo? Mabuti. Magpapatuloy tayo.

Tanging ang hinirang ... Doctor D.L.Ph., hindi nila ito nakikita. Hindi kasi sila hinirang.

112 At alalahanin n'yo, ang pagkah irang na ito na paparating ngayon, ay hindi lang patungo sa isang bansa. Patungo ito sa langit, kung saan ang mga pangalan nila ay nasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Hindi sa silong ng natural na munting hayop na kordero na naglabas sa Israel, na maaari pang dumausdos at magbalik sa dati, ngunit hindi dadausdos ang isang ito. Ito'y nasa silong ng Dugo ng Kordero ng Diyos, na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. At ang mga pangalan nila ay nakasulat na sa Aklat ng Buhay ng Kordero, bago pa itatag ang sanlibutan. At naroon sila, hinirang, at kapag ang ilaw na iyon ay kumikislap sa itaas nilang ganiyan, ang mga makadenominasyong pader ay gumuguho sa pal igid nila, at heto na nga sila. “Magsilabas kayo sa kanila,” ang sabi ng espiritu Santo sa huling mga araw na ito. “Huwag ninyong h ipu in ang kanilang maruruming bagay. Ako'y magiging Diyos ninyo; kayo' y magiging mga anak Ko.”

Ngayon, masdan n'yo,

113 nagmamasid ang Israel. Alain kasi nila na nakikitungo ang Diyos sa Kaniyang mga propeta; ang Salita ay dumarating sa kanila, at dumating sila upang makita iyon, at nakita nga nila. At ngayon, ang tandang intelektuwal, nakikita na natin ito ngayon, na ang pinaniniwalaan nila

ay ang kanilang organisasyon. Naroon pa rin sila sa kanilang mga kredo. Gayon man, sila ay...

Katulad iyon ng nangyari kay Balaam. Naroon ang Israel, hindi iyon isang bansa, isa lamang iyong lipi, na palutang-lutang at nagkasala sila. At si Moab na kaniyang kapatid, ang intelektuwal, ang taong organisado, pumanhik siya sa tuktok ng burol kasama ang obispo, o ang propeta nila, nagtayo sila ng altar at naghain sila ng katulad na mga hain, ngunit hindi niya nakita ang Haliging Apoy at ang hinampas na Bato na kasama ng Israel.

Ganito rin ngayon. Ang kaisipang intelektuwal ay nakatingin sa isang taong sikat na nakatayo roon. Hindi nila nakikita ang hinampas na Bato. Kahit nga ang obispo, hindi niya nakita ang kapangyarihan ng Espiritu Santo at ang sigaw ng Hari sa kampamento. Hindi ni la iyon nakita.

114 Kaya't ganiyan na naman ang nangyayari sa araw na ito. Tinatawag ng Diyos ang Kaniyang bayang hinirang, at sila ay hinirang. At ngayon hinirang sila para sa ano? Para sa isang pagkabuhay na maguli, at ano'ng uri ba ng tanda ang ipinakikita Niya sa kanila? Tanda ng pagkabuhay na maguli. Ano ba ang ipinakikita Niya noon? Isang tandang nagpapalaya, upang mapalaya sila sa pagkakabihag, isang tanda ng kapangyarihang nakapagsasara ng kalangitan o nakapagpapaitim ng kalangitan.

At ngayon ay ipinakikita Niya ang kapangyarihan ng Kaniyang Anak na kasama nilang nabubuhay upang buhayin silang mull sa libingan at sa sementeryong kinalalagyan satin, tungo sa isang lupaing ipinangako Niya sa atin: Isang tanda ng pagkabuhay na maguli, pinalalabas sila sa espirituwal na Egipto at sa espirituwal na Babilonia.

Dahil nalalaman ko ito,

115 hayaan n'yong sabihin ko ito, maging matahimik kayo ngayon, nang sa gayon ay masapo ninyo. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng dating sistemang ginamit Niya nung pasimula, iyon pa rin ang ginagawa Niya, binubulag Niya ang mga mata ng hindi mananampalataya, minumulat Niya ang mga mata ng mananampalataya. At pansinin n'yo, ang pulitika, isinasagawa iyon sa panig ng intelektuwal, pulitika at iglesia, pulitika at ang mga bansa, lahat na lang at ang kabilang panig ay nakakubli sa kanila, ang espirituwal na adhikain.

116 Kumuha ang Diyos ng isang lalaki sa ilang, sinanay Niya siya at saka siya pinabalik, at sinakop niya ang bagay na iyon at inilabas niya ang mga tao. Nauunawaan ba ninyo kung ano'ng gusto kong sabihin? Hindi niya maaaring baguhin ang palatuntunan Niya. Diyos Siya. Hinding hindi Siya makikitungo sa isang grupo; kailan man ay hindi niya ginawa iyon; nakikitungo siya sa indibiduwal, at iyon nga ang ginawa Niya, at iyon ang gagawin Niya, at ipinangako pa ngaNiya sa Malakias 4 na gagawin Niya iyon. Tama.

Kaya't hayan na nga ang pangako Niya kung ano Siya noon, ang pangako Niya kung ano'ng sinabi Niyang gagawin Niya, at heto na nga tayo. Ano'ng dakilang bayan, dapat ay magpakasaya tayo. Ibinibigay Niya sa kanila ang tanda, sa pamamagitan ng Kaniyang pangakong Sal itang tanda, pangakong Salita ... ipinangako Niyang gagawin niya iyon. At isasauli niya ang pananampalataya ng mga tao, ang puso ng mga tao pabalik sa pananampalataya ng mga orihinal na mga magulang na Pentecostal. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito, ipinakikita Niya ang Kaniyang mga tanda. At, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao." Ano'ng uri ba ng tanda ang nakita ng mga iglesia sa Sodoma? Ano nga ba ang nakita ng mga iglesiang intelektuwal? Dalawang mangangaral. Ano naman ang nakita ng iglesiang espirituwal, ang hinirang, si Abraham at ang kaniyang pangkat? Nakita ni la ang Diyos na nahayag sa katawang laman, katawang tao, na nagawang kilalanin ang espiritu at nasabi niya kung ano'ng sinasabi ni Sarah sa likuran Niya.

"Kung paano ang mga kaarawan ni Lot, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng Tao." Nakikita natin ang Espiritu Santo sa ating kalagitnaan na tulad pa rin ng dati ang ginagawa, kumikilos sa katawang tao. Ito na ang oras. Kita n'yo? Sadyang naririto na tayo, mga kaibigan; iyon lang. Nagaganap na ang isang exodo.

117 Ngunit ngayon, pansinin n'yo, ginawa Niya iyon noon sa pamamagitan ng ano? Pansinin n'yo at isuot ninyo ang inyong espiritwal na isip. Nawa ay alisin ng Espiritu Santo ang takip ng pagwawalang bahala, at tingnan n'yong maigi ito. Kung magpapasya ang Diyos sa paggawa ng isang bagay, hindi Niya ito maaaring baguhin.

Sa halamanan ng Eden, nang gustuhin Niyang tubusin ang tao pabalik sa pakikisama, nagpasiya Siya; iyon ay ang dugo. Sinubukan na nila ang edukasyon; sinubukan na nila ang denominasyon; sinubukan na nilang gawin itong pambansang kilusan, at lahat na, at hindi iyon pumuwede.

Sa isang dako lang maaaring katagpuin ng Diyos ang tao; iyon ay sa silong ng nabubong Dugo, gaya ng nangyari sa Eden. Hindi pa iyon nagbabago hanggang ngayon. Ang tanging dakong tagpuan para sa Diyos sa mga kaarawan ni Job ay sa silong ng korderong hain. Ang tanging dakong tagpuan para sa Kaniya sa mga kaarawan ng Israel, sa silong ng korderong hain, gaya ng ginawa niya sa hardin ng Eden, sa silong ng korderong hain. Ang tanging dakong tagpuan para sa Kaniya sa araw na ito ay hindi sa mga denominasyon; wala na silang ginawa kundi mag-away-away; hindi iyon sa iglesianismo; gano'n pa rin ang ginagawa nila; hindi sa mga intelektuwal;

litung-lito na sila, kundi sa silong ng Dugo ng Kordero bawat mananampalataya ay maaaring makipagtagpo't makisama, kung saan naroon ang Buhay.

118 Naghalal ang Diyos sa mga kaarawan ng exodo, tumawag Siya ng isang kalipunan palabas ng kalipunang iyon ...Nais kong pansinin n'yo ang isang bagay. Dalawa lang ang nakuha Niya na nakarating sa lupang pangako. Ano'ng pinili Niyang paraan upang ilabas sila? Pulitika ba? Organ isasyon ba? Ang pinili Niya ay isang propetang taglay ang tandang sobrenatural na Haliging Apoy, nang sa gayon ay hindi magkamali ang mga tao. Ang sinabi ng propeta ay Katotohanan. Nanaog ang Diyos sa anyo ng Haliging

Apoy at pinatunayan Niya ang Kaniyang Sarili, ipinakita Niya ang Kaniyang Salita. Tama ba?

Gayon Niya ginawa ang Kaniyang unang exodo. Ang ikalawa Niyang exodo . . . Laging tatluhan kung gumawa ang Diyos. Sakdal Siya sa tatlo. Napapansin n'yong lahat ang aking pangangaral; 'aging tatluhan at pituhan. Ang Pito ay kaganapan; ang tatluhan naman ay kasakdalan. Una, Ikalawa, at Ikatlong Hatak at oh, lahat, lahat ng bagay. Kita n'yo? Pag-aaring ganap, pagpapabanal, Bautismo ng Espiritu Santo; Ama, Anak, Espiritu Santo, lahat ng bagay. Kita n'yo?

Pansinin n'yo,

119 ano ba ang ginawa Niya sa unang exodo? Nagsugo Siya ng isang propeta na may pahid ng Haliging Apoy, at tinawag Niyang palabas ang mga tao. Iyon ang Kaniyang unang exodo. At nang matapos na ang panahon ng Israel, nagsugo Siyang muli ng Propetang Diyos na taglay ang Haliging Apoy. Nakita iyon ni Juan na bumababang mula sa langit, parang kalapati. At ang sabi Niya, "Nagmula Ako sa Diyos, at magbabalik Ako sa Diyos." Pagkatapos ng Kaniyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay na maguli, si Saulo na taga Tarsus habang patungo siya sa Damasco, nakita rin niya ang Haliging Apoy na iyon. At palibhasa'y isa siyang Hebreo, naturuan nang tama tungkol sa Salita, ang sabi niya, "Panginoon, sino Ka?" Alam kasi niyang ang Panginoon iyon, ang Haliging Apoy. Isa siyang Hebreo. Ang sabi niya, "Sino Ka?" At ang sabi Niya, "Ako si Jesus."

120 Sa Ikalawang exodo, nagdala Siya ng isang Propetang may pahid, ang Kaniyang Anak, Diyos na Propeta. Sinabi ni Moises na Siya ay magiging isang propeta, at taglay Niya ang Haliging Apoy, at nakagawa Siya ng mga tanda't kababalaghan, at ang Propetang iyon din ang nagsabi, "Ang sinumang sumampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." At dito ay ipinangako Niyang gagawin din niya ito sa exodo ng huling mga araw, at hindi Niya ito maaaring baguhin. At sa pamamagitan ng makaagham na pagpapatunay, sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu, sa

pamamagitan ng mga gawa ng Espiritu, nakikita natin ito sa araw na ito, ang dakilang Haliging Apoy na kumiki los sa ating kalagitnaan. At ang mga tanda at kababalaghan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus Cristo ay nananawagan sa mga tao na lumabas sa pagiging makadenominasyon'tungo sa Presensiya ni Jesus Cristo upang doon sila mamuhay: patungo sila sa isang lupain. Walang kamalian ito, mga kaibigan; hindi mahalaga kung ano ang sinasabi ko; kapatid n'yo tang ako; ngunit ang mahalaga ay kung ano ang pinatutunayan ng Diyos sa iyo, kaya maituturing itong Katotohanan. Ang Haliging Apoy na ginamit Niya sa dalawang iba pa, dinala Niya itong muli sa araw na ito ay pinatunayan Niya ito sa pamamagitan ng agham.

Gaya ng alam n'yo, nilathala ito ng "Life" Magazine nung nakaraang buwan doon, kung saan ...

121 Ilan ba sa inyo ang naririto noon nang ikuwento ko ang mga kaganapan bago pa man mangyari? Wari ko'y ang buong iglesia. Hayun na nga. Hindi nila alam kung ano ang kabuluhan nito. Ang mga scientist, sinisikap nilang . . . "Sinumang may hawak ng litrato nito, tumawag kayo" — isang ulap na dalawampu't anim na milya ang taas na kahugis ng piramid: pitong Anghel ang ikinatawan nito at ibinalik nito, hinatid sa inyo ang Salita ng Diyos, sa silong ng inspirasyon at sinabi nito sa inyo ang mga oras na Ito na darating sa inyo at kasalukuyang pinamumuhayan ninyo ngayon. Masasagap kaagad iyan ng espiritwal na kaisipan (Kita n'yo?) at mauunawaan ito nito. Isa itong exodo. Aal is na tayo isa sa mga araw an ito. Salamat sa Diyos. A lalahan in n'yo, at magwawakas na ako, sandali na lang. Sampung minuto pa.

122 Pansinin n'yo, ang Haliging Apoy na tumawag sa kanilang palabas, ang nanguna sa kanila tungo sa lupang pangako sa silong ng pagkapahid ng isang propeta. Isang Haliging Apoy na maaari nilang tingnan, ang nanguna sa kanila tungo sa lupang pangako sa ilalim ng pamumuno ng isang pinahirang propeta. At lagi nila siyang tinatanggihan. Tama ba? Tiyak nga.

Ngayon, alam kong kailangan nating magdaos ng pagbabaustismo. Mayroon pang natitirang an im na pahina rito, sa pakiwari ko; ngunit sandal i na lang at titigil na ako.

Pansinin n'yo, naririto na tayo sa isang pagtawag upang lumabas. "Magsilabas kayo sa Babilonia, bayan Ko," ang sabi ng tinig ng Anghel. Palabas saan? Sa kalituhan. Tama ba ang Metodista? 0 ang Baptist ba ang tama? O ang Catolico ba? Magsilabas kayo sa mga iyan. Ang Diyos ang tama. Paano mong natiyak? "Kasinungalingan ang salita ng lahat ng tao at ang Salita Ko ang Katotohanan." Magsilabas kayo. Ano'ng alam mo? Ang siya ring Haliging Apoy, ang siya ring Espiritung pumapah id ang nangunguna tungo sa lupang pangako.

Pansinin n'yo, pinangunahan sila Nito, inilabas sila, pinangunahan sila tungo sa lupang pangako, sa Israel, ang bansa;

123 at ang siya ring Diyos, ang siya ring Haliging Apoy, na tanging ... Sinasabi nilang ang — na — na ang kamerang iyon . . . Kung babasahin ninyo ang pahayag ni George J. Lacy . . . Hindi ako ang nagsabi ha. Basahin n'yo — basahin na lang ninyo ang pahayag ni George J. Lacy matapos suriin ang litrato (siya ang hepe ng F.B.I. sa finger print at iba pang dokumento) nariyan ang kaniyang pahayag. Ang sabi ng iba ay

"double exposed ang lente."

Sampu-sampung libong katao ang nakakita nito sa pamamagitan ng sarili nilang mga mata. Tumayo kami rito at sinuri namin ito. Hindi iyon double exposure. Ang sabi nila ay optical illusion daw iyon. Ano'ng sabi ni Mr. Lacy? "Ang mekanikal na mata ng kamera ay hindi makakukuha ng sikolohiya."

Hindi iyon optical illusion; naroon talaga iyon, ang Haliging Apoy ding iyon. Pagkatapos ay sinasabi pa nila, "Oh, buweno, ilusyon lang iyon." Ngayon, may mga kamera sa isandaang milyang kahabaan ng Tucson . .

124 Anim na buwan bago iyon maganap, sinabi na namin sa inyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo, pupunta ako roon upang kunin ang balita. Sapagkat ang sulat sa labas ng piramid . . . Gaya ng napanaginipan ng isang kapatid na lalaki at ibinigay ko sa inyo ang paliwanag nito. Iyon ang kabuuan ng interpretasyon.

Ngayon, lahat ng hiwaga ng pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo ay naipaliwanag na. Ngayon ay dinadampot na lamang natin ang mga dulong buhaghag ng mga bagay na nakatago sa Pitong Tatak; hindi ang pitong kapanahunan ng iglesia, ang Pitong Tatak ang siyang naghayag ng mga Hiwaga. At pagkatapos ay binuksan niya ang bagay na iyon sa ibabaw at may nakita siyang bato roon, puti, ngunit kailan man ay hindi pa iyon nasusulatan, isa iyong hiwaga. Magtungo ka sa Tucson, isaysay mo iyon bago pa man mangyari. Tuamyo ka sa hilagang bahagi ng Tucson (may mga saksing naroroon na ngayon ay nakatayo dito) nang may mangyaring pagsabog na halos ay umangat ang kabundukan. At kasabay nito iyon ay may namuong bilog na liwanag na nakabitin doon sa himpapawid. Nang kunan iyon ng I itrato ng siyensiya, dalawampu't anim na milya ang taas nito, mga I imang ulit ang taas sa halumigmig o sa taas na maaaring pamuuuan ng tubig; at hindi nila mahanap kung anong naging sanhi nito. Magkakaron ng liwanag sa gabi Landas ng Diyos ay masusumpungan.

Kung ika'y hinirang, ang Binhi ang nahuhulog sa tuyong lupa o sa mga batuhan, walang mangyayari. Mga matitigas, mababatong puso na nais magwalang bahala, ngunit kung ito'y mahuhulog sa malambot na lupa ng pananampalataya, magpapausbong ito ng isang Cristiano, na namumunga ng mga bunga ng Espiritu.

125 Pansinin n'yo, kung paanong ginawa iyon ng Diyos. Ngayon, nasa Kaniya ang dating Haliging Apoy; na siyang nagpatunay. May isang nagsabi, "Bakit hindi mo sabihin sa mga scientist ang tungkol diyan?" Sa palagay ba ninyo ay maniniwala sila? "Huwag ninyong ihahagis ang inyong perlas sa mga baboy." Sinabi ni Jesus na huwag nating gagawin iyan; hindi ako napapangunahang gawin iyan. Gayon man ay doon ako nakatira sa mismong siyudad kung saan ay hinihingi nila ito. Inisip kong magpunta roon, at sinabi ng Espiritu Santo, "Layuan mo sila. Hindi iyan para sa kani la. Magbalik ka at sabihin mo sa Tabernakulo."

Mabuti, at mangyayari . . . "Kung ang ipinangusap nila ay maganap, kung gayon ay alalahanin n'yo, Ako ang nangusap," sabi ng Panginoon. Kita n'yo? Bago pa maganap, at naganap na nga. Pakinggan n'yo ang Biblia. Ito ang Tinig ng Diyos na tumatawag sa inyo sa araw na ito.

126 Ngayon, nais kong pansinin n'yo, ang dati ring Haliging Apoy ay nangunguna, pinangungunahang mu li ang mga tao sa isang lupang pangako, ang milenyum, kung saan ay nasumpungan natin sa ilalim ng inspirasyon ng Ikaanim na Tatak, na hindi pa naituro kailan man, kung paanong ang lupa ay kailangang dal isayin para sa milenyum. Pinangungunahan sila ng Haliging Apoy tungo sa isang milenyum.

At pansinin n'yo, ang Haliging Apoy na umakay sa Israel mula sa pagkabihag sa exodong iyon, ang Haliging Apoy, sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, ang Diyos ay Apoy, at ang Haliging Apoy, ang pinahiran lamang Nito ay ang propeta. Ang Hal iging Apoy ay tatayo bilang makalangit na saksi na si Moises ay tinawag palabas.

Naaalala ba ninyo sina Dathan at ang mga kasamahan nila, ang sabi nila, "Buweno, dapat tayong magpasimula ng isang organisasyon. Ikaw Moises, masyado kang nagmamalaki. Ang sinasabi mo ay ikaw na lang ang banal sa kalipunan natin. Ang buong kongregasyon ng Panginoon ay banal. Paano mo nagagawang angkinin ito para lang sa iyong sarili?"

At nagpatirapa si Moises at nagsimulang manangis. Ang sabi ng Diyos, "Ibukod mo ang iyong sarili sa kaniya. Pabubukahin ko ang lupa at lalamunin siya nito." Tipo ito. Paanong magagawa ito ni Moises, sinabi niya sa kanilang ang ipinangungusap niya sa kanila ay kung ano ang sinabi ng Diyos, pinatutunayan ng Diyos na katotohanan nga ito...

127 Maging si Miriam, ang propetisa, at patina si Aaron, pinagtawanan nila si Moises dahil nag-asawa siya ng babaeng taga Ethiopia, pinagtawanan nila siya; at nagalit ang Diyos, nangusap kasi sila ng laban sa Kaniyang lingkod. Ario'ng ginawa Niya? PinapuntaNiya sila sa pintuan ng tabernakulo, at si Miriam, bagama't isa siyang propetisa, ngunit si Moises ay higit pa sa isang propeta — higit pa siya sa isang propeta.

Ang sabi niya, "Hindi ba kayo natatakot sa Diyos? Kung may isang propeta sa inyong kalipunan, Ako, na Panginoon ninyo ay mangungusap sa kaniya sa pamamagitan ng mga pangitain at ipakikilala Ko ang Aking sarili sa kaniya sa pamamagitan ng mga panaginip," ngunit ang sabi, "iba si Moises." Ang sabi niya, "Hindi ba kayo natatakot sa Diyos?" At siya ay — halos mamatay siya sa ketong sa sandali ring iyon. Alam ninyo iyan.

128 Hindi ba't sinabi niya, "Si Juan Bautista . . . lumabas ba kayo upang makakita ng isang propeta? Oo, higit pa siya sa isang propeta." Bakit? Bakit nga ba higit pa siya sa isang propeta? Siya kasi ang mensahero ng tipan, ang arkang nagdugtong sa dalawang dispensasyon.

At ngayon, ang naririto sa kalagitnaan natin ngayon, ang Espiritu Santong ito ay higit pa sa isang propeta. Ito ang Diyos na nahahayag sa kalagitnaan natin taglay ang Kaniyang Salita upang patunayan ito. Higit pa sa mga propeta ang ginagawa Niya — libu-libong ulit na higit kaysa sa nagagawa ng isang propeta.

129 Si Elias, ang isa sa pinakadakilang propeta ng kapanahunan ay nakagawa lamang ng apat na mga bagay na sobrenatural sa buong buhay niya na umabot sa walumpung taon. At si Eliseo naman, palibhasa'y doble ng taglay niyang kapangyarihan ay nakagawa ng walo, at ngayon ay nakikita natin ang libu-libo nito sa sarili nating mga mata. Tingnan n'yo ang Anghel ng Panginoon na nasa Haliging Apoy. Dinala ito ng makaagham na pananaliksik sa buong mundo, nalalaman nilang hahatulan si la sa pamamagitan nito.

Ano ang ginawa ng Kordero? Ang Anghel ng Panginoon, si Cristo iyon . . . Naniniwala ba kayo. San Juan 6, ininom nilang lahat ang tubig at nagdiriwang si la at nagkakasiyahan. Ang sabi Niya, "Ako ang Tinapay ng Buhay na bumaba galing sa Diyos mula sa Langit. Ako ang Batong iyon na nasa gitna ng ilang."

Ang sabi nila, "Ngayon, alam naming nasisiraan ka na ng bait. Na — nasisiraan ka na nga ng bait; inaalihan ka ng demonyo. Isa kang lalaking baliw na may saping demonyo." Alam n'yo, kung minsan ay may sumasaping espiritu sa mga tao at nagiging masyado silang relihiyoso kung umasta.

Ang sabi nila, "Ikaw, demonyo ka; inaalihan ka ng demonyo. Isa kang Samaritano, at inaalihan ka ng demonyo." Ang sabi pa, "Wala ka pa ngang limampung taong gulang, at sinasabi mong nakita mo na si Abraham."

130 Para kong nakikitang umatras siya ng dalawang hakbang, ang sabi, "Ako si AKO NGA. Bago pa si Abraham ay AKO NGA."

Iyon ay isang nagniningas na Apoy, ang Haliging Apoy na nasa palumpong. Nang mamatay Siya at muling mabuhay sa pangatlong araw, at nakasalubong Siya ni Saulo sa daan, nagbalik Siyang mull sa pagiging Haliging Apoy. Ang sabi niya, "Nagmula Ako sa Diyos at magbabalik Ako sa Diyos." Nang mabilanggo si Pedro, pumasok ang Haliging Apoy na iyon at binuksan Niya ang mga pintuan at pi — pinalabas siya Nito. Tama. Saan ba si la inakay ng Haliging Apoy na iyon? Ngayon, alalahanin n'yo, hindi si Moises ang Haliging Apoy. Siya ang pinahirang pinuno na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Haliging Apoy na iyon, at binindiKa lamang fig Haliging Apoy ang kaniyang Mensahe sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan. At inakay si la ng Haliging Apoy sa lupaing iyon na ipinangako ng Diyos sa kanila, kung saan Siya, Siya Mismo, ay mahahayag sa laman sa kalagitnaan nila pagdating ng araw. Tama ba? Ano'ng ginawa nila? Nagbulung-bulungan sila at sumimangot at lahat na ay ginawa nila upang ipakita na nasa si long sila ng isang karaniwang kordero.

Ngunit sa pagkakataong ito (luwalhati sa Diyos.) ang Haliging nakikita natin sa ating kalagitnaan, ang Haliging Apoy ang siyang aakay sa atin patungo sa milenyum, kung saan ay mull Siyang magbabalik sa Kaniyang bayan sa dakilang paghahari sa milenyum pagkatapos ng exodo, kung saan ay mabubuhay tayo sa walang hanggan sa piling Niya. Laging nasa Kaniya ang Salita ng Ama, lagi niyang pinatutunayang tama nga Ito.

131 Narito na tayo sa isang exodo, at sa aking paglisan at maya-maya ay itititigil na ang tape, oh, mga kaibigan, mga kapatid, kapuwa sa mga naririto ngayon at sa mga makikinig sa tape, hayaan n'yong ako bilang kapatid ninyo at kababayan sa Kaharian ng Diyos, ay lumabas sa exodong ito.Sapagkat ang lahat ng maiiwan ay matatatatakan ng tatak ng hayop. Magsilabas kayo sa Babi Ionia; magsilabas kayo sa kalituhang ito; magsilabas kayo sa mga sistemang ito at maglingkod kayo sa Diyos na buhay. At hayaan n'yong dakilang Anghel ng tipan, si Jesus Cristo na nasa anyo ng Diyos, hindi Niya itinuring na isang kapangahasan ang makapantay Niya ang Diyos . . . Ngayon, Siya ay isang Haliging Apoy na nasa dati pa ring anyo naiag isagawaNiya ang unang exodo, nang isagawa niya ang ikalawang exodo, at naririto Siya ngayon sa ikatlong exodo.

132 Sa unang exodo, ano'ng ginawa Niya? Inilabas Niya sila sa isang natural na lupain at di nala Niya sila sa isang natural na lupain. Sa ikalawang exodo naman, inilabas Niya sila sa isang espiritwal na kalagayan

tungo sa espiritwal na Bautismo ng Espiritu Santo, pabalik sa isang eternal na lupain

ng milenyum at sa isang dakilang daigdig pagkatapos ng buhay na ito. Ang siya ring Haliging Apoy sa pamamagitan ng siya ring pinahirang pamamaraan, ang siya ring Diyos na nagsasagawa ng dati pa ring mga gawa; ang siya ring Salita na nagdiklara sa una, ang siya ring nagdiklara sa ikalawa. Ang siya ring Salitang nagdiklara sa ikalawa ay siya ring nagdiklara sa ikatlo, at dito ay nakikita natin ito sa kalagitnaan natin.

Magsilabas kayo. Oh, magsilabas kayo sa kaguluhang ito. Magtungo kayo sa Diyos na buhay. Magtungo kayo sa Salita. "At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin." At ngayon, narito Siya ngayon sa ating mga laman, nananahang kasama natin. Magsilabas kayo at maglingkod kayo sa Diyos na buhay, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

[May hulang naipangusap —Ed.]

"Aking bayan' Akoy mangungusap maging sa mga oras na ito. Oo' gaya ng sinabi ko sa iyo sa pamamagitan ng propetang ito sa kapanahonan, 'Lumabas kayo sa kanya aking bayan.' Sinasabi ko sa'yo, Ako ang Makapangyarihang Diyos. Ako ay nakatingin sa balkonahi ng langit sa araw na ito. Oo, ipinapahayag ko ang Aking salita sa iyong kalagitnaan. Sumama kang lumipat at sumunod sa liwanag na Aking ibibigay sa'yo? Sinasabi ko sa'yo, Aking bayan, Ako ang Makapangyarihang Diyos. Ang Aking Salita Ay hindi nagbabago. Akin itong ipinaparating sa'yo. Oo, ikaw ay makikinig sa lahat na aking ibinibigay sa iyo, sabi ng Panginoon. "

133 Habang nakayuko ang ating mga ulo . . . Mula sa kaibuturan ng inyong kaluluwa, sa kaibuturan ng buong pagkatao ninyo, handa ba kayong alalahanin na handa na ba kayong itigil ang lahat ng bagay ng sanlibutan at mamuhay para sa Diyos. Ngayon, kung hindi rin Lang totoo sa inyo, huwag ninyong gagawin; ngunit kung taos ito sa puso ninyo, na kumbinsido na kayo ngayon ... Gaya ng sinabi ni Jesus sa pagwawakas ng Kaniyang lingkuran, "Ngayon, kayo ba'y sumasampalataya?" .. .

Kumkinsido ba kayo na ang mga bagay na ito ay tama, binindika ng Diyos, at nasa dulo na tayo ng panahon, at totoong nais mo nang lumapit kay Cristo ngayon, nais mo nang magtungo sa exodong ito ng pagtawag palabas ng pagkawalang bahala, sa pagiging makadenominasyon, sa mga kaisipan, at sa mga bagay ng sanlibutan, at nais ninyong sumuko nang buong puso sa Kaniya at lumabas sa exodong ito tungo sa pinagpalang lupang pangako, maaari mo bang itaas ang iyong mga kamay habang nananalangin tayo? Totoo nga bang nakatitiyak kang nais mong lumabas, bawat isa sa inyo?

134 Makalangit naming Ama, sa mga nagsipagtaas ng kamay, hayaan Mong makalabas sila ngayon, Panginoon. Hayaan Mong ang Espiritu Santo, batay na rin sa pangako ng Salita, hayaan Mong kumilos ang Espiritu Santo sa kanilang mga puso. Sa buong kongregasyon ay may dalawampung kamay na nagsitaas, sa pakiwari ko, Ama, na nasiyahan at alam nilang ito'y— ito'y totoo, at nais nilang magsilabas.

Kung sa mga kaarawan ng paglabas ng Israel, sa loob ng dalawa't kalahating milyong katao, ay dalawa lang ang nakarating sa lupain. Sa mga kaarawan ni Jesus Cristo, may isandaan at dalawampung kataong nakarating. At ngayon, sa mga kaarawan ng pagwawakas ng sanlibutan, ang sabi Mo, "Matuwid ang pintuan, at makipot ang daan, at kakaunti ang makasusumpong

nito; ngunit maluwang ang daan tungo sa kapahamakan, at marami ang papasok dito." Ang mga Salitang ito ay hindi mabibigo; ito'y mga Salita Mo.

135 Ngayon ay idinadalangin ko sila, Panginoon. Dalangin ko na loobin Mo nawa, sa oras na ito, sa pamamagitan ng Iyong espiritu Santo, tuliin Mo nawa ang kanilang mga puso. Al isin mong lahat ang mga bagay ng sanlibutan. Tuliin Mo po ang kanilang mga tainga sapagkat malinaw nilang naririnig ang Tinig ng Diyos na nananawagan sa pamamagitan ng Salitang ito at sa pamamagitan ng Liwanag ng araw na ito.

At itulot Mo nawa, Panginoon, na mabuksan ang kanilang mga mata, upang makita nila ang kaluwalhatian ng Panginoon sa pangwakas na oras na ito. Ang sabi Mo, "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit, at babangun in Ko sila sa huling araw."

At, Panginoon, marahil ay marami ritong hindi pa nakauunawa sa ngayon. Dalangin ko na pakitunguhan Mo sila, at tulutan Mong magkaroon sila ng isa pang pagkakataon, Panginoon, nang sa gayon ay maunawaan nila. Naririnig ka nilang nangungusap sa pamamagitan ng Iyong Salita, pinatutunayan Mo ang Iyong Sarili, at pagkatapos ay nangungusap Ka sa amin sa Tinig na sobrenatural, at pagkatapos ay kasama ang paliwanag, upang makita namin ang Iyong mga dakilang gawa na nagpapatotoong sumasang-ayon ito sa Biblia.

Dalangin ko, Diyos, na patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala, ngayon. At habang nakadapa ako sa Salitang ito,

136 Diyos, iniisip ko na nito lang nakaraang linggo, di — dinapaan ko ang isang patay na tao dito sa

sahig; nakita kong binuhay Siyang muli ng dakilang Espiritu Santo. Nakatirik na ang kaniyang mga mata, nakahandusay siya't patay na; at ilang pananalita lang ng pagtawag sa Iyong Pangalan, nakita ko siyang nabuhay. Naririto siya ngayon, nabubuhay pa rin. 299 Panginoon, Ikaw pa rin ang dating Diyos nang dapaan ni Pablo ang binatang iyon na nakinig sa kaniyang pangangaral nang napakatagal, na ang lalaking iyon ay nahulog sa bintana, Ikaw pa rin ang Diyos na nakapagsasauli ng buhay. 300 Pinasasalamatan Ka namin, Ama. Nawa . . . Maaaring hindi sumampalataya ang hindi mananampalataya, ngunit sumasampalataya kami, Panginoon. Pinatunayan Mo ang Sarili Mo sa amin.

137 Ngayon, hayaan Mong ang pagninilay-nilay ng aking puso, ang haka ng aking kaisipan, ang aking kalakasan, at lahat ay malusaw tungo sa Sal itang ito. At hayaan Mong ang Sal ita at ako, pati na, Panginoon, ang mga tao, ay magmartsa patungo sa Kaharian ng Diyos. Itulot Mo po ito, Panginoon.

Patawarin Mo ang aming pagkakasala; pagalingin Mo ang aming karamdaman; at gawin Mo kaming mga sakop ng Iyong kaharian.

At ngayon, habang lumalapit ang mga ito, Panginoon, at ang bautismuhan ay binubuksan, handa na ang tubig, at ilang sandali na lamang ay magsisimula na ang bautismo, naaalala namin nang ang Ebanghelyong ito ay maipangaral, ang sabi ng Biblia, "Lahat ng nagsisampalataya ay nabautismuhan." 303 Naririto ang mga panyong nakalapag dito, Panginoon, na aking binabasbasan sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kagalingan ng mga maysakit.

At kapag

138 napahaba ang aming mga gawain, napapahaba ang mga ito, sapagkat huli na ang oras, kailangan naming maipasok ang Salita habang may lupang mapaghahasikan nito, sapagkat paparating na ang malamig na tagginaw. Nakikita na namin ito; nalalagas na ang mga dahon, at alam nating ang tagginaw ay nalalapit na. Kailangan nating bungkalin ang ibabaw ng lupa at ilibing ang binhi.

Kaya dalangin ko, makalangit na Ama, na mangusap ka sa bawat puso. At ang sabi ng Biblia, "Lahat ng nagsisampalataya ay nabautismuhan." At Panginoon, kung walang — marami sa mga naririto ngayon na nagsisampalataya at hindi pa nababautismuhan saNgalan ng Iyong sinisintang Anak, na si Jesus, magsidulog nawa sila sa umagang ito, buong giliw at pagpapakumbaba, ikinukumpisal ang kanilang mga kasalanan, at nangamamatay sa mga bagay ng sanlibutan at ililibing sila, upang tanggapin nila ang Pangalan ni Jesus Cristo, upang mabuhay silang may kabanalan magmula ngayon sa tulong ng Espiritu Santo . . .

Ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo ngayon, Panginoon, sa layuning ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon ay ibibigay na natin ang gawain kay Brother Neville, at kung mayroon man siyang gustong sabihin habang naghahanda tayo sa pagbabautismo . . . At mamayang gabi sa ganap na ikapito't kalahati, kung loloobin ng Panginoon, nail kong i-tape ang isa pang mensaheng ito. Pagpalain kayo ng Diyos hanggang sa pagkakataong iyon.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7